TRUTH CENTERED TRANSFORMATION

MODYUL 1



PANIMULA SA 'WHOLISTIC' NA PAGMIMINISTERYO

GABAY NG GURO

Truth Centered Transformation is a ministry of Reconciled World. For more information visit tctprogram.org.

Reconciled World

Aralin 1: Ang Buong Kwento

Pangunahing Ideya: Ang plano ng Diyos ay hindi lamang maligtas ang tao sa halip ay nais Niyang maipanumbalik ang tatlong mga relasyon na nasira ng kasalanan—ang ating relasyon sa Diyos, ang ating relasyon sa isa't-isa o kapwa, at ang ating relasyon sa lahat ng nilikha ng Diyos.

Panimula

Ating kadalasang sinasabi na si Jesus ay naparito sa lupa upang tubusin tayo sa ating pagkakasala o iligtas tayo. Ito ay tutuo, ngunit Siya'y naparito upang gumawa ng higit pa sa ating kaligtasan. Ang Kanyang kamatayan doon sa krus ay bahagi lamang ng buong kwento. Upang ating maunawaan ang buong mensahe ng Biblia, kailangan nating maunawaan ang iba't-ibang yugto ng kwento ng Biblia mula sa pasimula hanggang sa katapusan: Ang Paglikha, Ang Pagkahulog sa Kasalanan, Ang Misyon, Ang Krus, at Ang Muling Pagbabalik ni Jesus.

Ang Buong Kwento

Ang Paglikha

- Genesis 1:31 - *'Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang ginawa, at lubos siyang nasiyahan.'*
- Ang Perpektong Tatlong mga Relasyon.
    - Tao (Adan) at Diyos – Si Adan ay 'lubos na kasiya-siya' para sa Diyos
    - Tao kasama ang iba (sina Adan at Eva) – walang pagtatalo, walang ikinahihiya
    - Tao (Adan) at iba pang nilikha – di nagkukulang sa pagkain

Ang Pagkahulog sa Kasalanan

- Genesis 3 – nagkasala sina Adan at Eva
- Ang Tatlong Relasyon ay nasira ng kasalanan, na nagresulta sa parehong kasamaan sa moralidad at pisikal.
    - Tao (Adan) at Diyos – natakot at nagtago mula sa Diyos
    - Tao kasama ang iba – nagtatalo at nang-aakusa o nangbibintang
    - Tao (Adan) at iba pang nilikha – Genesis 3:17 – Sinabi ng Diyos kay Adan, *'Dahil… …iyong kainin ang ipinagbawal kong bunga;… …sinusumpa ko ang lupa,…'* (MBB). (taggutom, mga baha, lindol, at tagtuyot)

Ang Misyon

- Mula sa pagpapalayas ng Diyos sa kina Adan at Eva sa hardin hanggang sa katapusan ng Matangdang Tipan – Hinanap ng Diyos ang Kanyang mga tao, Kanyang ninais na maipanumbalik ang mga relasyon.

- ABRAHAM – Pinagpala ng Diyos si Abraham at nangakong Kanyang pagpapalain ang lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng pamilya ni Abraham.
- MOSES – Aklat ng Exodo. Sa kanya ibinigay ng Diyos ang Kautusan
    - Ang Kautusan ay naglalarawan ng mga intensyon ng Diyos para sa lahat ng bahagi ng buhay ng tao.
    - Ang Kautusan ay nangusap tungkol sa tatlong mga relasyon (may mga espisipikong utos patungkol sa pansariling kalusugan at kagalingan maging nga mga nilikha).
- II Cronica 7:14 - *'ngunit kung ang bayang ito na nagtataglay ng aking karangalan ay magpakumbaba, manalangin, hanapin ako at talikuran ang kanilang kasamaan, papakinggan ko sila mula sa langit. Patatawarin ko sila sa kanilang mga kasalanan at muli kong pasasaganain ang kanilang lupain'* (MBB). ('bayang nagtataglay ng karangalan ng Diyos' sa kasalukuyan ay ang mga Kristiano)

Ang Krus

- Juan 3:16 - *'Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.'*
    - Pansinin ang kaibahan ng ibang mga relihiyon, na kailangan maghandog ang mga tao upang masiyahan ang kani-kanilang mga diyos.
- Colosas 1:20 – Ang buong plano ng Diyos ay *'…sa pamamagitan ng Anak, niloob ng Diyos na ang lahat ng bagay, maging sa langit o sa lupa ay ipagkasundo sa kanya. Nakamtan ang kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng kanyang Anak na inialay sa krus."* (MBB)
- Si Jesus ay namatay sa krus upang magpatawad ng mga kasalanan at *lahat na tatlong mga relasyon* ay makapagsimulang gumaling o maipanumbalik sa Diyos.
- Mateo 28:18-20 – Si Jesus ay nagbigay sa iglesia ng trabaho na *'gawing Kanyang mga disipulo ang lahat ng lahi,'* at gumawa upang maipanumbalik ang tatlong mga relasyon.

Ang Muling Pagbabalik ni Jesus

- Pahayag 21:1-7 – Isang araw, muling magbabalik ang Panginoong Jesus at Kanyang gagawing bago ang lahat, sa langit at sa lupa. Sabi sa v.4b, '*Wala nang kamatayan, dalamhati, pagtangis, at paghihirap sapagkat lumipas na ang dating mga bagay,…'* (MBB). Ang tatlong mga relasyon ay naipanumbalik ng Niya nga buong-buo at ang pagpanumbalik na ito ay magpasawalang hanggan.

<u>Konklusyon at Paglalapat</u>

- Ito ang buong kwento: Ang Diyos ay lumikha ng perpektong mundo. Pumasok ang kasalanan at sinira nito ang ating relasyon sa Diyos, ang ating relasyon sa kapwa at sa

iba pang mga nilikha ng Diyos. Nagbigay ng Kautusan ang Diyos upang ating malaman paano maipanumbalik ang mga relasyon, ngunit pinili ng mga taong suwayin sa utos ng Diyos. Dahil labis tayong mahal ng Diyos kaya Kanyang isinugo ang Kanyang anak na si Jesus upang maipanumbalik ang tatlong mga relasyon na nasira ng kasalanan ng nahulog sa pagkakasala sina Adan at Eva. At darating ang isang araw, na muling magbabalik ang Panginoong Jesus at Kanyang gagawing bago ang lahat ng bagay.

- Mahal ka ng Diyos. Maaari kang magkaroon ng relasyon sa kanya at ng magandang relasyon sa iyong kapwa at sa iba pang mga nilikha ng Diyos.
- Si Jesus ay namatay sa krus upang maipanumbalik ang tatlong mga relasyon, hindi lamang ang ating relasyon sa Kanya. Kung ikaw ay isang Kristiano, paka-isipin ang tatlong mga relasyong ito at tingnan kung mayroon kang magagawa upang mapahusay pa ang alin man sa mga ito. Humiling sa Diyos ng tulong na iyong magawa ito.
- Kung wala ka pang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ni Jesus, maaari mong maibigay ang iyong buhay sa Panginoong Jesus ngayon, at ang iyong buhay ay hindi na magiging katulad ng dati. Mahal na mahal ka ng ating Panginoong Jesus!

Aralin 2: Ang Tao ay Mahalaga para sa Diyos

Pangunahing Ideya: Lahat ng tao ay nilikha sa wangis ng Diyos at mahalaga para sa Kanya. Kailangan nating pakitunguhan ang bawat tao, lalo na ang karaniwang mga minamaltrato, bilang mahalagang nilikha ng Diyos.

Balik-Aral sa Aralin 1

- Ang buong kwento sa Biblia: Ang Paglikha, Ang Pagkahulog sa Kasalanan, Ang Misyon ng Diyos, Ang Krus, at ang Muling Pagbalik ng Jesus.
- Ang plano ng Diyos ay hindi lamang mailigtas tayo kundi Kanyang makita ang lahat ng bagay na nasira ng kasalanan—ang ating relasyon sa Diyos, sa kapwa at sa iba pang mga nilikha – ay maipanumbalik sa Kanya.

Panimula

Sa isa sa mga bansa na mayroong pagsasanay ng TCT, maraming mga babae na nagbebenta ng kanilang katawan para sa panandaliang-aliw ang nakatira malapit sa mga iglesia na sinasanay gamit ang TCT. Ang mga babaeng ito ay sa lansangan na nakatira dahil sila'y nangabuntis bago pa sila mag-asawa, kaya sila'y ipinagtabuyan na ng kani-kanilang mga pamilya. May ilang mga miyembro ng iglesia ang nagmungkahi na kanilang imbitahan ang mga babaeng ito na tumira sa kanilang simbahan at kanilang tuturuan ang mga itong manahi. Ang ibang mga miyembro ay may agam-agam tungkol sa mungkahi. Dapat bang tulungan ng mga iglesia ang mga taong ito, taong mga nasa prostitusyon, mga lasenggo, o mga lider ng mga 'gang?' Ating tingnan kung ano ang sinasabi ng Biblia.

Pangunahing Mga Ideya

Ang bawat tao ay maingat na binuo ng Diyos sa sinapupunan ng kanilang ina.

Awit 139:13-16

13 Ang anumang aking sangkap, ikaw, O Diyos, ang lumikha,
sa tiyan ng aking ina'y hinugis mo akong bata.
14 Pinupuri kita, O Diyos, marapat kang katakutan,
ang lahat ng gawain mo ay kahanga-hangang tunay;
sa loob ng aking puso, lahat ito'y nakikintal.
15 Ang buto ko sa katawan noong iyon ay hugisin,
sa loob ng bahay-bata doo'y iyong napapansin;
lumalaki ako roong sa iyo'y di nalilihim.
16 Ako'y iyong nakita na, hindi pa man isinilang,
batid mo kung ilang taon ang haba ng aking buhay;

pagkat ito'y nakatitik sa aklat mo na talaan,
matagal nang balangkas mong ikaw lamang ang may alam. (MBB)

- Ang Diyos ang lumikha sa bawat sanggol sa sinapupunan ng kanilang ina kaya ang bawat tao sa paglikha ng Diyos ay mahalaga para sa kanya.
- Ang Diyos ang nagdesenyo sa atin. Tayo ay nilikha o hinugis ng Diyos, at mayroon S'yang plano (magandang plano ayon sa Kanyang nilayon) para sa ating buhay. Hindi tayo dumating sa mundong ito dahil nagkataon lamang o 'by chance' sabi nga sa ingles, sa halip ang bawat isang tao ay ginawa ng Diyos. *[ipaliwanag na rin na kahit may parang kulang na bahagi sa isang batang ipinanganak, mahalaga ang lahat para sa Diyos na dapat din nating Pahalagahan – dagdag ng nagsalin]*

Lahat ng tao ay napakahalaga, kung di man ay mahalaga at may halaga dahil tayong lahat ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos.

Genesis 1:26-27

26 Pagkatapos, sinabi ng Diyos: "Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating
larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga
ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o
maliit." 27 Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y
kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae. (MBB)

- Nilikha ng Diyos ang tao na kakaiba mula sa lahat ng mga nilikha N'ya. Ang tao lamang ang nilikha sa larawan at wangis ng Diyos. Ang Diyos ang nagbigay sa kanila ng kanilang pangangailangan at ng trabahong pamahalaan ang buong mundo.
- Ano ang ibig sabihin na nilikha ayon sa larawan at wangis ng Diyos? Ibig sabihin nito ay mayroong maraming katangian ang tao na tulad nang sa Diyos. Kaya ating nauunawaan ang magmahal, ang katapatan, at hustisya. Ang mga ito ay hindi maunawaan ng mga hayop; tanging mga tao lamang ang may kakayahan nito dahil tayo, o ang tao ay nilikha sa larawan at wangis ng diyos.

Mahal ng Diyos ang tao ng labis na Kanyang ipinakita ang pagmamahal na ito sa pamamagitan ng pagsugo ng Kanyang kaisa-isang anak upang mamatay para sa atin.

Juan 3:16

Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't
ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang
sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay
na walang hanggan. (MBB)

- Ipinamalas ng Diyos gaano niya kamahal ang tao ng Kanyang ipinadala si Jesus, ang Kanyang anak upang mamatay sa krus para sa atin, kahit na tayo'y mga makasalanan (ating pagkakakilanlan noon) pa nang panahong iyon. [makasalanan ang ating pagkakakilanlan bago tayo nakakilala sa Panginoong Jesus at ngayon dahil sa Panginoong Jesus – ang ating pagkakakilala ay 'Tayo'y mga Anak na ng Diyos,' bagaman ay nagkakasala pa rin]

- Kung ganoon nga kalaki ang pagmamahal ng Diyos sa bawat tao, dapat nating bigyan ang tao ng karangalan at pahalagahan ang bawat tao *[nang walang pinipili.]*

Kwentong Pagsasalarawan: Ang Sinaunang Iglesia

Nalalaman ng mga Kristiano sa Sinaunang Iglesia na ang tao ay mahalaga. Ang sakripisyo na ginawa ng Panginoong Jesus ay nagpapatunay na ang bawat tao—may sakit o may malusog na pangangatawan, lalaki o babae, pulubi o mayaman—ay mahalaga para sa Diyos. Ang kanilang pagkaunawa sa dakilang pagmamahal ng Diyos para sa lahat ng tao, ang nanguna sa Sinaunang Iglesia na mamuhay o kumilos ng kakaiba tungo sa ibang mga tao. Nang panahong mga iyon, kapag ang isang sanggol ay ipinanganak na may pisikal na kakulangan, o kapag ito'y isang sanggol na babae, madalas na ang mga ito'y iniiwan na lamang sa lansangan upang doon mamatay. Ibig sabihin nito ay walang halaga ang mga sanggol na ito ayon sa kanilang kultura o paniniwala. Ngunit ang mga Kristiano sa Sinaunang Iglesia ay inililigtas ang mga sanggol na ito sa kapahamakan sa lansangan at kanilang aalagaan at palalakihin ang mga ito na parang kani-kanilang sariling mga anak.

Ang Sinaunang Iglesia ay naniniwala rin na dahil ipinamalas ng Panginoong Jesus ang Kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng pagkakaloob ng Kanyang buhay doon sa krus, kanila ring kinilala na kanila ring tungkulin na maglingkod sa iba na may pagsasakripisyo. Nang mga panahon iyon ay may isang epidemya ang lumabas at kumalat dahil madaling-madali itong nakakahawa. Dahil kinatakutan ng mga Romano na sila'y magkasakit nito, kanilang inilalabas sa kanilang nakapader na lungsod ang mga may sakit o ang mga may sintomas ng sakit na ito at doon pababayaan hanggang mamatay ang mga maysakit. Ganon pa man, ang mga Kristiano sa Sinaunang Iglesia ay kakaiba. Kanilang pinuntahan ang mga may sakit at doon ay kanilang inaalagaan ang mga ito, kahit ang mga may sakit na hindi mga Kristiano. Sila'y naniniwala sa paglilingkod na may pagsasakripisyo at kahabagan. Malungkot man na maraming Kristiano noon ang namatay dahil sa kanilang pag-aalaga sa mga ito, marami naman ang nagbigay ng kanilang buhay sa ating Panginoong Jesus o mga nakakilala sa ating Panginoong Jesus. Kaya hindi nakakapagtaka na ang Sinaunang Iglesia ay mabilis na lumago *[ang mga Kristiano'y nagsitatag at dumami ang kanilang bilang o miyembro]*.

Konklusyon at Paglalapat

- Ang mga iglesia ba sa ating unang kwento ay umabot sa mga babaeng nasa prostitusyon? Opo at kanila silang pinatira sa kanilang simbahan at tinuruang manahi na naging paraan upang kanilang iwan ang prostitusyon.
    - Sa isip at puso ng Diyos, ang bawat tao ay napakahalaga. Kanyang nilikha o ginawa ang tao na ayon sa Kanyang larawan at wangis. Kanyang nilikha ang bawat isang tao at Kanyang pinahalagahan sila ng husto na Kanyang isinugo si Jesus upang mamatay para sa atin at magkaloob ng kaligtasan din sa atin.
- Ikaw, opo, ikaw ay mahalaga para sa Diyos. Ang bawat tao sa iyong komunidad ay mahalaga para sa Diyos. Kailangan nating pakitunguhan ang bawat isa, kahit yaong karaniwang namamaltrato, na sila'y mahalagang nilikha ng Diyos.

- Maglaan ng panahon upang mag-isip tungkol sa ilang mga tao na kalimitan ay napapabayaan sa iyong komunidad. Ano ang ating magagawa upang mapakitunguhan sila ng may higit na kahalagahang mga nilikha ng Diyos?
    - (Para sa mga Pastor) Narito ang ilang mga ideya paano magagawa ito ng iyong iglesia:

        Magbigay ng mga damit sa matatanda.

        Magturo sa mga balo paano magtanim ng mga gulay sa paligid ng bahay o sa mga lata.

        Maglaan ng upuan para sa mga taong may kapansanan.

Aralin 3: Mahalin ang Diyos at Mahalin ang Kapwa

Pangunahing Ideya: Ang Diyos ay tumuwag sa atin na mahalin ang ating kapwa bilang ating paraan sa pagmamahal sa Kanya. At ating maiipakita ang ating pag-ibig sa ating kapwa sa pamamagitan ng pagpupuno ng kanilang mga pangangailangan.

Balik Aral sa Aralin 1 at 2

- Si Jesus ay namatay doon sa krus hindi lamang upang iligtas tayo kundi upang maipanumbalik ang tatlong nasirang mga relasyon: sa Diyos, sa kapwa, at sa iba pang mga nilikha.
- Ang lahat ng tao ay nilikha ng Diyos ayon sa Kanyang larawan at wangis at ang lahat ng tao ay mahalaga sa paningin ng Diyos. Kailangang nating pakisamahan ang bawat isa ng may respeto, yamang nalalaman natin na sila'y mahalaga para sa Diyos.

Panimula

Isipin mo na ikaw ay nakaratay sa iyong higaan sa ilang mga araw dahil ikaw ay may lagnat. Natatakot ka na sa iyong kalalagayan. Ikaw ay nauuhaw, pinapawisan, nganginginig at nanghihina. Pagkatapos ay may biglang dumating at lumapit sa iyo at kaniyang sinabi sa iyo na, 'Ang Diyos ay mayroong magandang plano para sa iyo!' May iniiwan na babasahin sa iyo at kanyang sinabi na, ipanalangin mo ang panalangin ng isang makasalanan na makikita mo sa liko ng babasahin iniiwan ko sa iyo, at kapag ginawa mo iyo ay maliligtas ka, at lahat ng iyong problema ay mawawala.' At pagkatapos ay umalis ang bumisita sa iyo. Ano ang iyong magiging pakiramdam? (huminto sandali sa pagkukwento) Ikaw ay nalilito? Galit? S'yempre naman! Parang ang taong bumisita sa iyo ay walang pakialam sa iyong sitwasyon, o sa iyong pakiramdam, at sa iyong pangangailangan. Ngayon, mayroon akong ibang tanong para sa iyo. Sa iyong palagay ay gagawin ito ni Jesus?

Natural, hindi ito ang gagawin ni Jesus! Maraming beses nating mababasa sa Biblia na ang Panginoong Jesus ay umaruga sa pisikal na pangangailangan ng tao ganundin ng kanilang espiritwal na pangangailangan. Nagpakain Siya ng mga tao. Nagpagaling Siya ng may mga sakit, kahit nga walang pananampalataya sa Kanya ay pinagaling Niya. Kanyang tinanggap ang mga bata. Pag-isipan po natin ang mga ito.

Pangunahing Ideya

Ang Pinakadakilang Utos

- Si Jesus ay tinanong kung alin ang pinakadakilang kautusan. Ano ang Kanyang sagot? (Mateo 22:37-40).

‹37 Sumagot si Jesus, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, at buong pag-iisip mo. 38 Ito ang pinakamahalagang utos. 39 Ito naman ang pangalawa: Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili. 40 Sa dalawang utos na ito nakasalalay ang buong Kautusan ni Moises at ang katuruan ng mga propeta." (MBB)

- Si Pablo naman ang sumulat ng Galatia 5:14

  Sapagkat ang buong Kautusan ay nauuwi sa isang pangungusap, "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili." (MBB)
- Bakit naging isa na lamang ang utos? Dahil ang pag-ibig sa Diyos AY ANG PINAKADAKILANG KAUTUSAN, ngunit ang paraan paano natin maiipakita ang ating pag-ibig sa Diyos AY SA PAMAMAGITAN NG ATING PAGMAMAHAL SA ATING KAPWA.

Ang Magmahal ay nangangahulugan na dapat itong makita sa gawa

- Ang magmahal ay hindi lamang sa pagsasalita o pagkakaroon ng ganitong damdamin, kailangan itong makita sa gawa. Ang magmahal ay nangangahulugan ng paglilingkod, ang pagpupuno ng pangangailangan. Madaling sabihin na mahal natin ang Diyos ngunit hindi madaling ipakita ang ating pag-aaruga sa pangangailangan ng ating kapitbahay o kapwa.
- 1 Juan 3:17

  Kapag nakita ng isang maykaya sa buhay ang kanyang kapatid na nangangailangan, at pinagkaitan niya ito ng tulong, masasabi bang siya'y umiibig sa Diyos? (MBB)
- Santiago 1:27

  Ang relihiyon na dalisay at walang dungis sa harap ng ating Diyos at Ama ay ito: pagtulong sa mga ulila at sa mga biyuda sa kanilang kahirapan, at pag-iingat sa sarili upang huwag mahawa sa kasamaan ng mundong ito. (MBB)

- Kung tayo ay may kakayahan sa materyal na mga bagay ngunit hindi natin pinapansin ang pangangailangan ng nakapaligid sa atin, walang pag-ibig sa Diyos ang nasa atin. At ayon naman kay Pastor Santiago, ang dalisay na relihiyon ay ang umaaruga sa mga ulila at mga balo. Hindi pwedeng maipakita ang pag-ibig ng Diyos na hindi tayo tumutulong sa mga pangangailangan ng iba.

Ang ating kapitbahay o kapwa ay kahit sinong may pangangailangan, kahit na ang ating kaaway

- Tayo'y magbalik tanaw o aral. Ang buong kautusan na nabubuod na sa isang utos: ang mahalin ang kapwa gaya ng ating pagmamahal sa ating mga sarili. Ito ay nagpapakita na mahal natin ang Diyos. Ang pagmamahal sa kapwa ay nangangahulugang ang ating nais ay ang maganda para sa kanila at ating tinutulungan sila sa kanilang pangangailangan. Sino ba ang kailangan nating tulungan?

Luke 10:25-37

[25] Isang dalubhasa sa Kautusan ang lumapit kay Jesus upang siya'y subukin. "Guro, ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?" tanong niya.[26] Sumagot si Jesus, "Ano ba ang nakasulat sa Kautusan? Ano ba ang nababasa mo roon?" [27] Sumagot ang lalaki, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, buong kaluluwa mo, buong lakas mo, at buong pag-iisip mo; at Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili." [28] Sabi ni Jesus, "Tama ang sagot mo. Gawin mo iyan at magkakamit ka ng buhay na walang hanggan."
[29] Upang huwag siyang lumabas na kahiya-hiya, nagtanong pa ang lalaki, "Sino naman ang aking kapwa?"

[30] Sumagot si Jesus, "May isang taong naglalakbay mula sa Jerusalem papuntang Jerico. Hinarang siya ng mga tulisan, hinubaran, binugbog, at iniwang halos patay na. [31] Nagkataong dumaan doon ang isang paring Judio. Nang makita ang taong nakahandusay, lumihis siya at nagpatuloy sa kanyang paglakad. [32] Dumaan din ang isang Levita, ngunit nang makita niya ang taong binugbog, lumihis din ito at nagpatuloy sa kanyang paglakad. [33] Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na napadaan doon. Nang makita niya ang biktima, siya'y naawa. [34] Nilapitan niya ito, binuhusan ng langis at alak ang mga sugat at binendahan. Pagkatapos, isinakay niya ang lalaki sa kanyang asno at dinala ito sa bahay-panuluyan upang maalagaan siya doon. [35] Kinabukasan, binigyan niya ng dalawang salaping pilak ang namamahala ng bahay-panuluyan, at sinabi, 'Alagaan mo siya, at kung higit pa riyan ang iyong magagastos, babayaran kita pagbalik ko.'" [36] At nagtanong si Jesus, "Sa palagay mo, sino kaya sa tatlo ang naging tunay na kapwa ng taong hinarang ng mga tulisan?"
[37] "Ang taong tumulong sa kanya," tugon ng dalubhasa sa kautusan. Kaya't sinabi sa kanya ni Jesus, "Kung gayon, humayo ka at ganoon din ang gawin mo." (MBB)

- Ito ay kamangha-mangha dahil ang mga Hudyo at mga Samaritano't Samaritana ay mag-kaaway. Ang pari at ang levita ay mga Hudyo, ngunit hindi sila nagkaloob ng anumang tulong sa kanilang kapwa hudyo na nangangailangan ng tulong. Sa halip ang taong nagbigay ng praktikal na tulong ay ang kaaway ng taong binugbog at sugatan. Kanyang iniligtas ang buhay ng sugatang ito. Ang ating kapwa ay sinuman na nangangailangan ng ating tulong, eto may ay ating kaaway.

Konklusyon at Paglalapat

- Tayo ay tinawag ng Diyos na umiibig ng ating kapwa bilang paraan ng ating pagpapakita ng ating pag-ibig sa Diyos. Tayo'y maghanap ng mga praktikal na paraan upang ating mapunuan ang pangangailangan ng ating kapwa.
- May isang kapatid na Kristiano na tumulong sa kanyang kapwa o kapitbahay sa pamamagitan ng pagdadala sa ito sa ospital. Ang isa naman ay nagbigay ng suporta para sa pangangailangang materyal ng tatlong bata na ang mga magulang ay

kumikita sa pang-araw-araw na pagtatrabaho ngunit dahil sa pandemia ay walang kinikita.

- Ating tanungin ang ating Diyos na Kanyang ipakita sa atin sinong kapwa o kapitbahay na nais N'ya na ating tulungan at anong pangangailangan ang dapat natin mapunuan. Tayo'y manalangin ngayon.

Aralin 4: Ang Paglago sa Lahat ng Erya

Pangunahing Ideya: Si Jesus ay lumago sa apat na erya—mental, pisikal, espiritwal, at sosyal. Kailangan din nating lumago sa apat na mga eryang ito at maaari nating matulungan ang ating komunidad, iglesia, at pamilya na lumago din sa mga ito.

Balik Aral sa Aralin 3

- Ang Dakilang Kautusan, ayon sa mga talatang ang tiningnan sa nakaraang aralin ay, ang mahalin ang Diyos at mahalin ang kapwa. Ang Kautusan ang mga Propeta (mga sulat nito) ay nabubuod sa isang kautusan na lamang, ang mahalin ang kapwa. Tayo ay tinawag ng Diyos na mahalin ang ating kapwa bilang ating pagpapakita ng ating pagmamahal sa Kanya. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagpupuno ng kanilang pangangailangan at sa pagtulong sa kanila na maging mga tao na nais ng Diyos na sila'y maging.

Panimula

Anu-ano ang kailangan ng isang bata upang siya'y lumaki o lumago? Kailangan ng bata ang masustansyang pagkain at malinis na tubig. Kailangan niya ng malinis na kapaligiran, magandang pangangalaga sa katawan, at isang mapagmahal na pamilya na nabubuhay ng may pagkaka-isa. Magiging mahirap para sa isang bata na lumaking malusog kung hindi balanse ang kanyang kinakain o hindi matatag ang kanyang pamilya.

Pangunahing mga Ideya

Ang Paglago ni Jesus

Lucas 2:52

> *Patuloy na lumaki si Jesus sa **pangangatawan**, lumawak ang kanyang **karunungan** at lalong naging **kalugud-lugod sa Diyos** at **sa mga tao**.*

- Ang ating Panginoon ay lumago sa apat na mga erya.
  - karunungan (sa mental na erya)
  - pangangatawan (sa pisikal na erya)
  - naging kalugod-lugod sa Diyos (sa espiritwal na erya)
  - naging kalugod-lugod sa tao (sa sosyal na erya)

Ating Paglago

- Si Jesus ang ating modelo sa lahat ng bagay. Ang Kanyang paglago ay tumutulong sa atin na mag-isip tungkol sa paraan na kailangang lumago din ng tao.
- Hindi mo kailangang maging mayaman o You don't have to be rich o buhay na may prebilehiyo upang lumago lamang dito sa apat na mga erya at magamit ng Diyos.

    - Si Jesus ay mula sa isang mahirap na pamilya. Nang Siya'y ipinanganak, ang Kanyang mga magulang ay nagdala ng handog sa temple ng handog na tinakda para sa mahihirap na mamamayan (Lucas 2:22-24, Levitico 12:8).
    - Ang pagiging mahirap ng ating Panginoong Jesus ay hindi naging hadlang sa Kanyang paglago sa lahat ng mga erya. Mayroon S'yang sapat na pagkain; Ang Kanyang ama ay may hanap-buhay; Natuto Siyang magbasa at magsulat; Si Jesus ay mayroong mapagmahal na pamilya. Bagaman Siya'y mula sa mahirap na pamilya, tinapos ni Jesus ang lahat na pinagawang trabaho sa Kanya ng Diyos (Juan 17:4 *"Inihayag ko dito sa lupa ang iyong kaluwalhatian; natapos ko na ang ipinapagawa mo sa akin."*).
- Paano tayo lalago nang tulad ni Jesus?
    - Sa Kaisipan o sa Mental: Patuloy tayong matuto ng iba't-ibang mga bagay, gaya nang ating ginagawa sa ngayon na ating pinagsisikapang matutunan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng erya ng ating buhay.
    - Sa Pisikal: Panatilihin nating malusog ang ating pangangatawan (mag-ehersisyo, kumain ng masususTansyang pagkain, iingatan natin ang ating katawan, at ating panatilihing malinis ang ating kapaligiran).
    - Sa Espiritwal: Panatilihin ang magandang relasyon sa Diyos Ama, palagiang magbasa ng Biblia at manalangin at maging masunurin sa Kanyang mga salita. Sumaulo o magmemorya ng mga talata sa Biblia.
    - Sa Sosyal: Gumugol ng panahon kasama ang pamilya, mga kaibigan, at kapit-bahay upang matulungan manatili ang ating mga relasyon na malakas at maganda.
- Lahat ng erya ay mahalaga sa Diyos. Gaya ng lamesa na matatag na nakatayo kapag ang apat na paa (o binti o poste) nito ay matibay at balanse o pantay, ang buhay ng isang Kristiano ay kailangan ding maging balance sa apat na erya ng buhay.

Tulungan ang kapwa na lumago din

- Hindi laman na kailangan nating lumago, tayo mismo sa apat na eryang ito, kailangan din nating matulungan ang iba na lumago rin sa apat na eryang ito. Ang paglago ay dahan-dahan. Gugugol ito ng panahon. Upang ating matulungan ang ating kapwa na lumago gaya ng Panginoong Jesus, kailangan nating maging handa sa pagbibigay ng maraming panahon sa maraming taon.
- Narito ang ilang halimbawa na iyong magagawa. Hindi kailangan mahusay na mahusay o labis ang gagawin; magsimula tayo sa maliliit. Pumili ng ISANG ideya na hindi mo pa ginagawa ngunit kaya mong gawin at simulan sa linggong ito. Ang ilang mga ideya ay lumalampas sa ibang erya, at OK naman ito. Lahat ng ating ginagawa ay mahalaga para sa Diyos, at nais Niyang lumago tayo sa lahat ng erya.
    - Mga paraan upang matulungan ang iyong pamilyang lumago dito sa apat na erya: Suportahan ang iyong anak sa kanyang pag-aaral. Maghugas ng pinagkainan ng pamilya. Pangunahan ang pamilya sa pag-aaral ng salita ng

Diyos o sa 'Devotion' at sama-samang magmemorya ng mga talata sa Biblia. Maglakad kasama ng asawa na di kasama ang mga anak.

- Mga paraan upang matulungan ang iyong iglesia. Manguna sa isang talakayan patungkol sa paglalapat ng mensahe siguro ay tuwing Lunes o anumang araw na mapagkasunduan. Kumpunihin ang bubong ng iglesia o maglinis ng palikuran. Manalangin araw-araw para sa pastor at mga matatanda o lider ng simbahan. Magyaya ng mga miyembro sa iyong bahay upang magkape o kumain.
- Mga paraan upang matulungan ang komunidad na lumago. Talakayin paano solusyonan ang problemang pangkomunidad kasama ng mga lider ng komunidad. Maglakad sa komunidad at mamulot ng basura. Mag-imbita ng kapit-bahay sa iyong bahay tuwing pasko. Makipaglaro sa mga kabataan sa komunidad.

Konklusyon at Paglalapat

- Tayo'y maglaan ng panahong tahimik at ating hilingin sa Diyos alin sa mga ito ang ating gagawin sa linggong ito. O maaaring mayroong sinasabi sa iyo ang Diyos na iyong gawin. (Tahimik tayong lumapit sa Diyos sa loob ng isang minuto.)
- Humarap sa iyong katabi at iyong ibahagi ang inilagay ng Diyos sa iyong puso, at pagkatapos ay manalanging magkasama. Hilingin ang Banal na Espiritu na tulungan ang iyong kapartner na magawa ang isang bagay na ito. Sa sunod na linggo ay maaari kang mag-isip at manalangin ng iba naman na iyong gagawin.

Aralin 5A: Nais ng Diyos na ang Iglesia ay Makatulong

Pangunahing Ideya: Ang iglesia ay tinatawag ng Diyos na magmahal ng kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagkilos, lalo na ang pag-abot sa pangangailangan ng mahihirap.

Balik Aral sa mga Aralin 1 hanggang 4

- Ang Diyos ay may malasakit sa lahat ng erya ng Buhay ng tao.
- Si Jesus ay namatay sa krus upang maipanumbalik sa Diyos ang lahat ng mga bagay. Kasama rito ang ating relasyon sa Kayna, ang ating relasyon tungo sa ating kapwa, at ang ating relasyon sa iba pang mga nilikha ng Diyos.
- Ating maiipakita na mahal natin ang Diyos sa pamamagitan ng ating pagmamahal sa ating kapwa, at ang pag-ibig ay nakikita sa ating pagkilos, hindi lamang sa ating mga salita o sa mga emosyon.
- Kailangan nating lumago sa 4 na mga erya ng ating buhay gaya ng paglago ni Jesus dito sa apat na eryang ito at kailangan din nating tulungan ang iba na parehong lumago tulad natin.

Panimula

Ano ang pangunahing trabaho ng iglesia? Marami ang nag-iisip na ang trabaho ng iglesia ay magsagawa ng mga pagsamba at mahimuk ang mga kapatiran na manalangin at magbahagi ng ebanghelyo sa iba. Ang iglesia ba ay dapat lamang ituon ang paglilingkod sa mga espiritwal na mga bagay lamang? Sa araw na ito ay babasahin natin ang dalawang bahagi o kwento sa Biblia na tumatalakay sa inaasahan ng Diyos mula sa Kanyang mga tagasunod.

Pangunahing mga Ideya

Totoong Pagsamba at Pag-aayuno (Isaias 58:1-7)

- Si Isaias ay propeta ng Diyos sa Israel. Isinugo ng Diyos si propeta Isaias upang ipahayag ang Kanyang mensahe sa mga Israelita, ang Kanyang piniling bayan. Ating pakinggan ang Kanyang sinabi,

  (Talatang 1-3a) Sumigaw ka nang malakas na malakas; itaas mo ang iyong tinig gaya ng trumpeta. Ang kasalanan ng bayan ko sa kanila'y ihayag. Sinasangguni nila ako sa araw-araw, tinatanong nila ako kung paano sila mamumuhay.
  Kung kumilos sila ay <u>parang</u> matuwid at hindi sumusuway sa mga tuntuning ibinigay ng kanilang Diyos
  Humihingi sila sa akin ng matuwid na pasya; <u>nais</u> nila'y maging malapit sa Diyos.

Tanong ng mga tao, "Bakit hindi Mo pansin ang pag-aayuno namin. Bakit walang halaga sa iyo kung kami'y magpakumbaba?" (MBB)

- Sila'y nagsisipag-alay ng kanilang mga handog. Sila'y nag-aayuno at nananalangin. Ngunit hindi sila pinapansin ng Diyos ang kanilang mga ginagawa. Kanyang tinanggihan ang kanilang mga handog. Bakit?

  (Talatang 3b-5) Sagot ni Yahweh, "Pansariling kapakanan pa rin ang pangunahing layunin ninyo sa pag-aayuno, at habang nag-aayuno'y patuloy ninyong inaapi ang mga manggagagwa.
  Ang pag-aayuno ninyo'y humahantong lamang sa karahasan, kayo'y nagkakagalit at naglalaban-laban. Hindi tunay ang pag-aayunong ginagawa ninyo ngayon, kaya tiyak na hindi ko papakinggan, ang inyong mga dalangin sa akin.
  Ganyan ba ang pag-aayunong aking kinaluluguran? Iyan ba ang araw na talagang nagpapakumbaba ang mga tao? Hinihiling ko ba na yumuko kayong tulad ng damong hinihipan ng hangin, o mahiga kayo sa sako at abo? Pag-aayuno na ba ang tawag ninyo diyan, isang araw na nakakalugod kay Yahweh?" (MBB)

- Sinasabi ng Diyos kay Isaias na ang Kanyang bayan ay rebelled at makasalanan, dahil kahit na sila'y tumutupad ng mga bagay na sila'y magmumukang espiritwal, hindi na man sila namumuhay sa paraang ninanais ng Diyos. Kanilang pinagmamalupitan ang kanilang mga manggagagwa. Kanilang kinakaligtaan ang mga mahihirap. Sila-sila'y nag-aaway-away. Ito ang mga dahilan kung bakit tinanggihan sila ng Diyos. Ano po ba ang nais ng Diyos na gawin ng kanyang bayan?

  (Talatang 6-7) Ganitong pag-aayuno ang gusto kong gawin ninyo: Palayain ninyo ang mga di-makatarungang ipinabilanggo; kalagin ninyo ang tanikala ng inyong mga inalipin. Palayain ninyo ang mga inaapi, at baliin ang mga pamatok ng mga alipin.
  Ang mga nagugutom ay inyong pakainin, ang mga walang tirahan ay inyong patuluyin. Ang mga walang maisuot ay inyong bigyan ng mga damit. At sa mga nangangailangang mga kamag-anak ay huwag kayong magkakait.

- Sa panahong ito, ang Iglesia ang piniling mga tao ng Diyos, gaya ng Kanyang pagkakapili sa bayan ng Israel. Ito ang nais ng Diyos mula sa Kanyang Iglesia: hindi pagpapakita ng kabanalan, kundi sa pagbibigay sa mga nangangailangan at may problema. Ito ang tunay na pagsamba.

Tupa at Kambing (Mateo 25:31-46)

- Ang tupa at kambing ay parehong hayop ngunit para sa isang pastol, madali niyang makilala at mapaghiwalay ang mga ito. Katulad nito, kaya kilalanin ni Jesus kung sino-sino ay paghiwalayin ang mga ito. Kanyang kilala kung sino ang sa Kanya at sino ang hindi.

(Talatang 31-40) Sa maluwalhating pagdating ng Anak ng Tao, kasama ang lahat ng anghel, uupo siya sa kanyang trono ng kaluwalhatian. Tipunin sa harapan niya ang lahat ng mga bansa at sila'y kanyang pagbubukud-bukurin, tulad ng ginagawa ng pastol sa mga tupa at mga kambing. Ilalagay niya sa kanyang kanan ang mga tupa, at sa kaliwa naman ang mga kambing. Kaya't sasabihin ng hari sa mga nasa kanan niya, 'Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok kayo at tanggapin ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang daigdig. Sapagkat ako'y nagugutom at ako'y inyong pinakain; ako'y nauuhaw at ako'y inyong pinainom. Ako'y isang dayuhan at inyong pinatuloy. Ako'y hubad at ako'y inyong dinamitan, nagkasakit at inyong dinalaw, nabilanggo at inyong pinuntahan.'

"Sasagot ang mga matuwid, 'Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom at aming pinakain, o nauhaw at aming pinainom? Kailan po kayo naging dayuhan at aming pinatuloy, o kaya'y hubad at aming dinamitan? At kailan po namin kayo nakitang nagkasakit o nabilanggo at kayo'y aming dinalaw?'

Sasabihin ng Hari, 'Tandaan ninyo, nang gawin ninyo ito sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.' (MBB)

- Ang mga tupa (ang matutuwid na mga tao) ay gumawa ng mga pisikal na mga bagay—nagkaloob ng pagkain, inumin, mga damit, matutuluyan; bumibisita sa mga may sakit at mga nakakulong. Ang ginawa ng mga tupa ay katulad o kapareho ng mga bagay na tinatawag ng Diyos ang Kanyang mga tao na gawin sa Isaias 58:1-7. Ang hinihiling ng Diyos sa Kanyang mga tao sa Matandang Tipan ay ganoon din ang Kanyang hinihingi para sa Kanyang mga tao sa Bagong Tipan. Ngunit ano ang Kanyang inaasahan sa mga kambing ayon sa talinghaga?

(talatang 41-46) Sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa harapan ko, kayong mga isinumpa! Doon kayo sa apoy na di namamatay na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon. Sapagkat hindi ninyo ako pinakain noong ako'y nagugutom; hindi ninyo ako pinainom noong ako'y nauuhaw. Hindi ninyo ako pinatuloy noong ako'y isang dayuhan. Hindi ninyo ako dinamitan noong ako'y hubad. Hindi ninyo ako dinalaw noong ako'y may sakit at noong ako'y nasa bilangguan.'

At sasagot din sila, 'Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom, nauhaw, walang matuluyan, hubad, may sakit, o nasa bilangguan, na hindi namin kayo tinulungan?'

At sasabihin sa kanila ng Hari, 'Tandaan ninyo, nang pagkaitan ninyo ng tulong ang isa sa pinakahamak sa mga ito, ako ang inyong pinagkaitan.' Itataboy ang mga ito sa kaparusahang walang hanggan, ngunit ang mga matuwid ay pupunta sa buhay na walang hanggan.

- Ang pagkakaiba ng mga tupa sa mga kambing ay tumutulong ang mga tupa at ang mga kambing ay hindi tumutulong. Sinasabi ni Jesus na Kanyang itataboy ang mga 'kambing' patungong kadiliman, dahil hindi nila ginawa ang anumang bagay na ginawa ng mga tupa. Sila'y hindi sa Diyos.
- Nais ng Diyos na ang Kanyang mga tao—ang mga Israelita noon at ngayon ay Kanyang Iglesia—na kanilang salaminin ang katangian ng Diyos, na kanilang mahalin ang kanilang komunidad sa pamamagitan ng kanilang mga aksyon, lalo na ang pagkakaloob sa mga pangangailangan ng mga mahihirap na mga tao. Kung hindi ito gagawin, ay maitutulad tayo sa mga kambing, na nagpakita lamang ng katotohanan na hindi tayo sa Diyos o hindi tayo sa Kanya.
- Ang ating pisikal na mga aksyon ay mayroon ipekto sa parehong pisikal at ispiritwal. Ang mga aksyong ito ay sumasalamin sa kung ano ang nasa ating mga puso.

Konklusyon at Aplikasyon

- Nais ng Diyos na ang Kanyang Iglesia ay tumulong. Ang Iglesia at tinawag na Magmahal sa kanyang komunidad sa pamamagitan ng aksyon, aksyong umabot sa pangangailangan ng mga mahihirap. Hindi dapat nating ibigay ang responsibilidad na ito sa ating gobyerno o sa ibang mga organisasyon. Si Jesus ang Pastol, ngunit tayo ba ay tunay Niyang mga tupa, o tayong mga kambing?
- Pangunahan ang Iglesia sa pagsisising pananalangin (base sa Awit 51). Maaaring ulitin ng mga miyembro ang bawat parirala matapos banggitin ito ng lider, o maaaring manalangin ng tahimik sa kanilang mga puso.

> Ako'y kaawaan, O mahal kong Diyos, sang-ayon sa iyong kagandahang-loob;
>
> Kami'y nagkasala sa Iyo at aming ginawa ay masama, kaya di mo kinalugdan
> Kami'y nagkasala sa aming mga ginawa sa mga bagay na hindi namin ginawa.
>
> Kami'y Iyong linisin, sala'y hugasan. Hindi Ka nalulugod sa aming mga handog, o mga pagsasakripisyong aming dinadala; Kaya ang aming handog, sa Iyo aming Diyos, ay ang aming nagpapakumbabang espiritu dahil alam naming hindi Ninyo tatalikdan aming pusong nagsisi at handang tumalikod sa aming pagkukulang.
>
> Isang pusong tapat sa aki'y likhain, bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin.
> Sa iyong harapa'y huwag akong alisin; iyong banal na Espiritu'y paghariin.
> Ang galak na dulot ng iyong pagliligtas, ibalik at ako po'y gawin mong tapat.

Aralin 5B: Nais ng Diyos na ang Kanyang Iglesia ay Tumulong

Pangunahing Ideya: Ang Iglesia ay tinawag ng Diyos na maging asin at ilaw sa mundo. Isang paraan upang magawa ito ay ang pagmamahal sa ating kapwa sa pamamagitan ng pagtulong o pag-abot sa kanilang mga pangangailangan.

Balik Aral sa Aralin 5A

- Ang Iglesia ay tinawag ng Diyos na kanilang mahalin ang kanilang komunidad sa pamamagitan ng aksyon, aksyong umabot o nagpupuno ng mga pangangailangan ng mga mahihirap.
- Tayo ba ay mga tupa, mga taong sumusunod sa utos ng Diyos na mahalin ang ating kapwa, o tayo'y kambing, na di sumusunod sa utos ng Diyos?

Panimula

Nais kong magsimula sa pamamagitan ng Pagtatanong sa inyo ng ilang mga tanong. Sa inyong palagay, ano ang iniisip ng ating komunidad tungkol sa ating iglesia? Sila ba'y natatakot sa ating mga tulong dahil pagsisikapang nating maconvert sila o ang mga miyembro ng kanilang pamilya? Sa iyong palagay, ano ang magiging pakiramdam ng mga tao kung tayo ay hihinto sa ating mga pagpupulong? Sila kaya'y malulungkot, o sila'y matutuwa? Mapapansin kaya nila na ating paghinto sa mga gawain? Sa araw na ito ay ating titingnan ang Biblia at ating pansinin gaano nais ng Diyos na ang Kanyang Iglesia ay makilala sa buong mundo.

Pangunahing mga Ideya

Ikinumpara ni Jesus ang mga Kristiano sa Asin at Ilaw

Mateo 5:13-16

> *Kayo ang asin ng sangkatauhan. Ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Hindi ba wala na itong kabuluhan kundi ang itapon at tapakan ng mga tao? Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod na nakatayo sa ibabaw ng burol ay hindi maitatago. Walang taong nagsisindi ng ilaw at pagkatapos ay inilalagay iyon sa ilalim ng banga. Sa halip, inilalagay iyon sa talagang patungan upang matanglawan ang lahat ng nasa bahay. Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit.* (MBB)

- Mapapansin ba natin at hahanapin ba natin ito, kung ang Asin at Ilaw ay mawawala? OPO! Ang asin at ilaw ay nagpapaganda ng ating mga buhay!

Tayo ay tinawag na maging asin

- Ang pinakamahalagang bagay tungkol sa asin ay ang kaalatan nito. Ito ang dahilan kung bakit ito mahalaga. Dahil sa pagiging maalat nito, ito ay nagamit sa paglilinis ng mga sugat, sa pagpapanatili sa mga bagay mula sa pagkasira o pagkabulok, at nagbibigay ito ng lasa sa pagkain. Ang asin ay nagdadala ng pagka-uhaw sa atin tungo sa sariwang tubig. Tulad ng asin, ang pinakamahalagang bagay tungkol sa Kristiano ay ang kanyang kabanalan; ang pagkakatulad niya sa Panginoong Jesus. Kung sinasabi na ang mga "Kristiano ay mga asin," ito ay nangangahulugang na dapat tayong magkaroon ng magandang impluwensya sa mga erya kung saan tayo naroroon o nakatira, na makita ang ating komunidad na nagiging higit na katulad ng nilalayon ng Diyos, at gawin silang nauuhaw sa Buhay na Tubig—Ang Diyos. Kung tayo ay hindi maalat, tayo ay walang saysay o halaga sa Kaharian ng Diyos.

Tayo ay tinawag na pagliwanagin ang ating ilaw

- Ayon sa Juan 8:12, sinabi ni Jesus ay ganito, *'Ako ang Ilaw ng sanlibutan.'*
- Sa mga talatang ating nabasa kanina, Kaniya ring sinabi na tayo ay ilaw ng sanlibutan. Paanong magiging tutuo ang parehong ito? Kanyang pinagningning ang Kanyang liwanag sa ating mga buhay, at ating sinasalamin ang Kanyang Liwanag sa mundo, gaya ng salamin na sumasalamin sa liwanag ng araw.
- Kaniya ring binigyan diin na ang lampara o ilawan ay inilalagay sa patungan upang ito'y magliwanag, at sa talatang 16, Kanyang sinasabi na:

  > *Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit.* (MBB)

- Ang ating pisikal na mabubuting mga gawa ay sumasalamin sa kabutihan ng Diyos para sa mundo. At kapag makita ng tao, gaano kabuti ng Diyos at paano Niya n=Binabago ang buhay ng mga tao, ito ay nagdadala ng kaluwalhatian sa Diyos!

Resulta ng Tunay na Pagsamba

- Sa Isaias 58, (ating binasa noong nakaraang lingo) sinabi ng Diyos na tunay na pag-aayuno at pagsamba ay ang pagtulong sa mga taong may pangangailangan. Ating muling basahin ang mga talatang 8-10 upang ating makita ang resulta kung tayo ay susunod sa Diyos sa ganitong kaparaanan.

  > *Kung magkagayon, sisikat ang liwanag sa inyo, at matutulad kayo sa bukang-liwayway, hindi magtatagal at manunumbalik ang inyong kalusugan. Mahahayag sa inyong unahan ang mabubuti ninyong gawa, at sa inyong hulihan ay papatnubayan kayo ng kaluwalhatian ni Yahweh. Sa araw na iyon, diringgin ni Yahweh ang inyong dalangin; kapag kayo'y humingi ng tulong, sasabihin niya, 'Naririto ako.' "Kapag itinakwil ninyo ang pang-aapi, maling pagbibintang at pagsisinungaling; kapag ang nagugutom ay kusang-loob ninyong pakakainin, at tutulungan ang mahihirap, sisikat ang liwanag sa*

inyong nasa kadiliman, at ang inyong kapanglawan ay magliliwanag gaya ng sa katanghaliang-tapat.

- Yan ang pangako ng Diyos para sa atin! Ang ating Diyos ay makapangyarihan at maawain! Sinasabi ng Diyos na Kaniyang ililigtas tayo, pagagalingin tayo, at iingatan tayo kung tayo ay susunod sa Kanya at ating isasalamin ang Kaniyang katangian sa pamamagitan ng pagpupuno o pag-abot sa pangangailangan ng mga tao.

Ilustrasyon: Mga Kwento ng Pagiging Ilaw

Narito ang 2 kwento ng Iglesia sa kanilang pagiging asin at ilaw.

- Sa isang erya, ang higit na nakakaraming mga taong Hindu ay may kahina-hinalang pag-iisip tungkol sa mga Kristiano sa kanilang lugar at kanilang minamaliit ang mga Kristianong ito. Dahil dito, ang Iglesiang ito ay takot na kanilang pakitunguhan ang kanilang komunidad. Matapos matutunan na kailangan nilang ipamalas ang pag-ibig ni Cristo sa kanilang buong komunidad, ang mga kababaihan ay nagsimulang magsiyasat sa mga pangangailangan ng kanilang komunidad.

  Nang sumunod na lingo pagkatapos ng kanilang pananambahan, ang mga kababaihan ay nagbigay-ulat na kanilang nalaman na may 12 kababaihang Hindu na mayroon lamang iisang 'sari' (damit). Ang kanilang pastor ay nagtanong sa buong iglesia kung mayroon sa kanila na mayroong 3 mga sari at sino sa kanila ang handang ibigay ay isa nilang sari para sa mga babaing Hindu na may isang sari lamang. Sapat na bilang ng mga kababaihan ng iglesia ang tumugon upang mapunuan ang pangangailangang ito. Nang sumusnod na linggo, ang mga kababaihan ng iglesia ay bumisita sa tahanan ng mga babaing Hindu na iisa lamang ang sari, at kanilang ibinigay ang kanilang magiging ikalawang sari. Humanga ang mga kababaihang Hindu sa ginawa para sa kanila, na inimbitahan pa ng mga kababaihang ito ang mga Kristianong kababaihan na ipanalangin sila. Ang ilang mga buntis na mga Hindu ay humiling na ipanalangin sila at ang kanilang mga sanggol na kanilang ipapanganak.

- Sa isang erya naman, ang mga tao ay humaharap sa malaking kakulangan sa tubig. Matapos matutunan ang tungkol sa nais ng Diyos para sa kanilang Iglesia na umabot sa kanilang komunidad, ang mga lider ng iglesia ay nagpasyang galugarin ang maaari nilang magawa bilang isang iglesia upang matugunan ang pangangailangan sa tubig. Mayroon silang nakitang lugar kung saan makaka-upa ng mga kagamitan sa paghuhukay ng balon gamit lamang ang kanilang mga kamay at simpleng mga gamit. Sila'y umupa ng isang maliit na silindro na may 'winch.' Kanilang dinala ang mga ito sa kanilang komunidad at nagsimulang maghukay ng tubig sa likod ng kanilang iglesia. Nang kanilang naghukay ang tubig sa lalim na 45 pulgada, ang bawat isa ay masiglang nagdiwang.

Ang mga hindi miyembro ng Iglesia ay nag-isip na sasarilinin ng iglesia ang tubig. Ngunit, sa halip, inimbitahan ng iglesia ang kanilang komunidad na makibahagi sa pagpapalang kanilang matagumpay na naghukay na tubig. Di nagtagal ay hiniling ng mga karatig bayan ang iglesiang ito na maghukay din ng tubig para sa kanila. Masayang tumugon ang iglesia, at 15 mga balon ang kanilang nahukay gamit ang kanilang mga kamay at mga simpleng kagamitan, na ang isa nga sa mga balon na kanilang naghukay ay may lalim na 80 pulgada!

Bilib na bilib ang mga tao sa iglesiang ito sa paraan ng kanilang pagpapakita ng pag-ibig ng Diyos, nang imbitahan ng iglesia ang kanilang komunidad upang makinig sa mensahe ng Ebanghelyo, ang kanilang gusali ay napuno ng mga tao na mausisang higit na malaman ang tungkol sa Diyos na nagbigay ng tubig sa kanila.

- Ang parehong Iglesiang ito ay mahihirap, ganon pa man, ay ginamit nila kung ano ang mayroon sila upang pagpapalin ang ibang mga tao sa pamamagitan ng pag-abot sa kanilang pangangailangan. Ginamit ng Diyos ang kanilang maliit na regalo upang magkaroon ng malaking epekto sa kanilang komunidad.

Konklusyon at Aplikasyon

- Tinatawag ng Diyos, tayong mga Kristiano na maging mga ilaw sa ating mga komunidad, upang gumawa ng mga mabubuting mga bagay na magbibigay luwalhati sa Kanya ng mga taong walang pananampalataya.
- Paano tinitingnan ng mga tao ang ating Iglesia? Isipin mo na lamang, kung ang lahat ng ating mga miyembro ay gagawa ng ganitong mga bagay gaya ng dalawang kwentong ito. Ang mga tao sa inyong lugar ay masayang masaya na naroroon ang inyong Iglesia, at sila'y magiging higit na bukas na matuto tungkol sa Diyos. Tayo ay tunay na magiging isang ilaw sa gitna ng kadiliman.
- Sa darating na ilang mga linggo, ang ating iglesia ay magpaplano ng isang 'Act of Love' na ating magagawa para sa ating komunidad. Sa ngayon, tayo ay magtipon-tipon sa 3 mga grupo—kabataan, kalalakihan, at kababaihan—upang manalangin. (Hatiin ang mga miyembro, at bigyan sila ng instraksyon gaya ng sumusunod, pagbibigay ng 2 minuto sa pananalangin pagkatapos ng bawat pangungusap.)
    - Ating pasalamatan at sambahin ang Diyos na umaruga sa bawat bahagi ng ating mga buhay, at ang buhay ng mga tao sa ating komunidad.
    - Ating hingin sa Diyos paano tayo bilang isang Iglesia magiging ilaw para sa ating komunidad sa pamamagitan ng pagtulong sa mga tao, lalo na sa mga nagugutom, nauuhaw, may sakit, nakakulong, walang damit o matutuluyan.
    - Maglaan tayo ng panahong makinig sa Diyos nang tahimik.
    - Matapos ang ilang panahon, magsama-sama muli ang hilingin ang sinuman na nais magbahagi ng kanyang narinig sa Diyos.

Aralin 6: Pangangailangan na Dapat Nating Maitulong

Pangunahing Ideya: Nais ng Diyos na ating tugunan ang lahat nang mga uri ng problema sa ating komunidad. Siya ay mayroong mabuting intension para sa ating komunidad.

Balik Aral sa mga Aralin 1-5

- Si Jesus ay namatay sa krus upang maipanumbalik ang tatlong mga relasyon: sa Diyos, sa kapwa tao, at sa iba pang mga nilikha ng Diyos.
- Nilikha ng Diyos ang lahat na tao ayon sa Kanyang wangis, kaya dapat nating pakitunguhan ang bawat isa sa ating komunidad nang pantay-pantay.
- Kailangan nating lumago sa 4 na mga eryas ng ating buhay (mental, pisikal, espiritwal, at sosyal) gaya ng nangyaring paglago ng Panginoong Jesus.
- Ang Iglesia ay tinawag ng Diyos na magpakita o magpamalas ng pag-ibig sa komunidad sa pamamagitan ng pagtugon o pag-abot sa mga pangangailangan ng mga mahihirap sa lahat ng 4 na mga eryas ng kanilang buhay.

Panimula

Sa araw na ito, mayroon akong kwentong babasahin para sa inyo.

Ang Pangitain o 'vision' ni Pastor Wong

May isang pastor na nagngangalang Wong ang tumira at naglingkod sa isang napahirap na erya ng isang malaking bayan. Isang umaga, habang siya ay nagbabasa ng Biblia mula sa aklat ni Isaias 58, siya'y napaiyak dahil sa pait at sakit na nararanasan ng kanyang komunidad, mayroon isang mahinang katok ang kanyang narinig mula sa kanilang pintuan. Nang ito'y buksan ni Pastor Wong, ito'y si Jesus. 'Wong, ipakita mo sa akin ang dahilan ng iyok pag-iyak,' wika ni Jesus.

Sila'y naglakad sa komunidad, at ikwinento ni Wong sa Panginoong Jesus ang mga kwento ng mga naninirahan doon habang kanilang dinadaanan ang mga bahay na ito. Doon po nakatira ang isang babaeng nagbebenta ng kanyang katawan mapakain n'ya lamang ang kanyang mga anak. At doon po sa barong-barong na iyon nakatira ang isang lalaking nananakit ng kanyang asawa't mga anak sa tuwing siya'y nalalasing—na madalas itong nalalasing. Dyan po nakatira ang pangulo ng aming komunidad, siya'y humihingi ng pera sa mga tao kapalit ng kanyang pangako na mapapakabitan ng kuryente ang mga nagbabayad, ngunit kanyang ipinangsusugal lamang ang perang nakukulekta, kaya hanggang ngayon ay wala paring kuryente ang mga nakapagbayad na. Kanilang nadaan ang isang lugar na nasa gitna ng komunidad, punong-puno ito ng mga basuran at mga daga. 'Nakikita po Ninyo ang bahay na iyon?' tanong ni Wong, habang kanyang itinuturo ang isang barong-barong na bahay. 'Doon po nakatira ang isang nanay at kanyang apat na mga anak. Butas-butas na po ang kanilang bubong. Hindi sila nakakakain ng sapat at halos walang mga damit, at lagi na

lamang pong silang may mga sakit.' At sa pagkakataong iyon ay nasa dulo na sila ng bundok. Itinuro ni Wong ang isang lugar, 'Doon po sa ibabang iyon kumukuha ang mga kababaihan ang mga bata ng kanilang kailangang tubig. Wala pong tubig dito sa lugar na ito.'

Pagkatapos nito, narinig ni Wong na umiyak si Jesus! Inabot ni Jesus si Wong at inakbayan siya, at nagsabi, 'Wong, nais Kong iyong ipakita ang Aking intension para sa iyong komunidad.' Nagsimulang magsalita ang Panginoong Jesus, at nakita ni Wong na nangyayari ang mga bagay na inilarawan ni Jesus! Si Jesus ay nangusap tungkol sa mga miyembro sa loob ng iglesia ni Pastor Wong, na nagtatabi ng isang gatang na bigas sa araw-araw. At sa bawat lingo ay kanilang dinadala ang mga ito sa kanilang iglesia upang kanilang ipamahagi sa mga tao sa kanilang komunidad. Ganoon din ang kanilang ginawa sa sabon. Ang mga kababaihan ng iglesia ay 'umampon' ng mga balo, na kanilang tinulungan ang mga ito sa paglalaba, pagluluto, at pagngangalaga sa mga anak ng mga ito.

Si Jesus ay nangusap din tungkol sa hanap-buhay, tubig, kalinisan, pabahay, at buhay na mga nabago. Nakikita ni Wong na ang mga tao ay may trabaho na. Hindi hanap-buhay na may malaking sweldo ngunit trabahong nagbibigay sa kanila ng dignidad at nakakapuno ng kanilang pangunahing mga kailangan. Ang inang nagbebenta ng kaniyang katawan ay may kagalang-galang na hanap-buhay na, na nakakasuporta rin sa kanyang mga anak. Ang lasingerong asawang lalaki ay isa nang mapagmahal na asawa at ama. Ang kanilang presidente ay ganap na tumutulong na sa kanilang komunidad. Ang mga sirang barong-barong na mga bahay ay napalitan na ng simple, ligtas at malilinis na mga bahay. Ang mga kababaihan at mga bata ay umiigib na ng tubig mula sa tubong nailagay malapit na sa kanila. Mayroon na silang pampublikong palikuran. Ang mga basuran ay wala na, napalitan na ito ng mga maliliit na mga puno at ang mga bata ay masayang naglalaro doon sa kanilang parke.

Pagkatapos ay sinabi ni Jesus, 'Wong, tingnan mo ang iglesia!' Tiningnan nga ito ni Wong. Ito'y punong-puno ng mga taong nagpupuri sa Diyos dahil sa kanyang kabutihan! Ipinaliwanag ni Jesus, 'Wong, ang pangitaing ito ang aking intension para sa iyong komunidad. Nais Kong iyong ibahagi sa iglesia ang 'vision' ito at simulan mong pangunahan sila na magawa ito.'

Nagprotestang nagsabi si Wong na ang kanyang iglesia ay isang mahirap na iglesia lamang. 'Wong', tahimik na pagtatanong ni Jesus, 'Sino ang nanguna sa bayan ng Israel na makatawid sa dagat na pula? Lahat na ng mga bagay ay ibinigay na sa akin. Dapat kang maging masunurin sa Aking hinihiling sa iyo na iyong gawin. Ibahagi mo kung ano ang meron ka, kahit ito'y maliit lamang. Ipaalam mo ang Aking mabuting intensyon para sa iyong mga kababayan—sa parehong espiritwal at pisikal. At Aking pagyayamanin ang iyong lupain!' At biglang nawala si Jesus. Nagtaka si Pastor Wong, 'Panaginip lang ba ang lahat na ito? O isa itong pangitain mula sa Diyos?' Hindi niya masabi, ngunit ang kanyang alam ay mayroon na siyang panibagong pananaw o pang-unawa sa pag-aaruga ng Diyos tungo sa mahihirap...at isang bagong pangitain paano niya pangungunahan ang mga kanyang iglesia na maipakita ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang komunidad.

<u>Pangunahing mga Ideya</u>

Ang Diyos ay mayroong mabuting intensyon para sa ating mga komunidad

Jeremias 29:11

> *'Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa.'* (MBB)

- Ang komunidad ni Pastor Wong ay kumakaharap sa suliranin gaya ng prostitusyon, kalasingan, pang-aabuso, korupsyon, at labis na kahirapan. Mayroon ding kakulangan ng malinis na tubig, pagkain, at pamumuhay sa di malinis na kapaligiran. Ngunit HINDI ito ang nais ng Diyos para sa komunidad.
- Ang Diyos ay mayroong mabuting intensyon para sa komunidad.

Ang responsibilidad ng ating mga Iglesia ay ang paghahayag ng mabuting intensyon ng Diyos sa pamamagitan ng pagpupuno o pag-aabot sa pangangailangan ng komunidad.

II Cronica 7:14

> *ngunit kung ang bayang ito na nagtataglay ng aking karangalan ay magpakumbaba, manalangin, hanapin ako at talikuran ang kanilang kasamaan, papakinggan ko sila mula sa langit. Patatawarin ko sila sa kanilang mga kasalanan at muli kong pasasaganain ang kanilang lupain.* (MBB)

- Ating mapapansin o makikita ang mga pagbabago kapag tayo ay magsimulang sumunod sa Diyos. Ang ating responsibilidad bilang isang iglesia ay ipahayag ang mabuting intensyon ng Diyos para sa komunidad sa pamamagitan ng pagpupuno sa mga pangangailangang ating nakikita
- Sa ating pagsunod sa mga paraan ng Diyos, pagyayamanin ng Diyos ang ating lupain.

Kailangan nating buksan ang ating mga mata upang makita ang maraming resorses na ibinigay na ng Diyos sa atin.

- Sa komunidad ni Pastor Wong, ang transformasyon ay nagsimula sa isang lokal na iglesia na nagmobilisa ng kanilang mga resorses. Nais ng Diyos na ating gamitin kung ano ang meron tayo upang mapaglingkuran ang ating komunidad, gaano man tayo kahirap. Hindi tayo magkukulang sa resorses upang makatulong sa isang nangangailangan. Kailangan lamang nating makita ang mga resorses na ito sa ating paligid. Hayaan n'yo po akong ipakita sa inyo ang aking ibig sabihin.
- Inyong ipagpalagay na may isang pamilya sa inyong komunidad. Ang mga magulang ay sina Jose at Maria. Nasunog ang kanilang bahay; at wala silang naisalba mula rito. Lahat ay natupok ng apoy. Si Jose ay isang magsasaka. Katatapos pa lamang niyang taniman ang kanyang maliit na lupain, at kailangan niyang maghintay ng 3 pang mga

buwan upang maani ang kanyang mga produkto. Kaniya nang nagamit ang lahat nilang pera para sa kanilang pananim, at ngayon ay nasunog ang lahat ng kanyang ari-arian.

- Ang pamilyang ito ay maraming pangangailangan. Anong mga resorses ang mayroon na tayo na maaari nating maitulong sa kanila?
    - Tao: Ang mga tao ay maaaring makapagbigay-ginhawa sa pamilya, o maglinis ng lugar kung saan nasunog ang bahay.
    - Lugar: Maaari tayong makahanap ng lugar para sa kanilang pansamantalang matutuluyan, o maaari nating patirahin sila sa ating mga tahanan o iglesia.
    - Materyal: Baka mayroon ang ilan ng mga lutuang maaari ng maipamigay, o ang ilan ay maaaring magbigay ng mga damit at ilang mga gamit.
    - Kakayahan: Maaaring mayroon tayong mga miyembro na marunong gumawa ng bahay o maghanda ng pagkain para sa pamilya.
    - Oras: Maaari tayong maghanda ng pagkain para sa mga naboluntaryong maglinis o gumawa ng bahay.
- Gaano karami o kaunti ang mayroon tayo ay problema para sa Diyos. Kailangan lamang nating maging masunurin sa Kanya at ating pagsikapang mapunuan ang anumang pangangailangan ng kung ano ang mayroon tayo. Kaniyang gagamitin ang ating mga kaloob upang maipakita sa tao ang Kanyang mabuting intension para sa ating komunidad.

Konklusyon at Aplikasyon

- Ang Diyos ay may mabubuting mga intensyon para sa ating mga komunidad. Ang responsibilidad ng ating mga iglesia ay ang pagpapahayg ng mabubuting mga intension sa pamamagitan ng pagpupuno ng mga pangangailangan ng komunidad. Kailangan nating buksan ang ating mga mata upang makita ang maraming mga resorses na ibinigay na ng Diyos sa atin.
- Pagkatapos ng ating pananambahan sa araw na ito, tayo'y magtungo sa ating komunidad at magmasid ng mga pangangailangan na ating makikita. Sa ating paglalakad sa ating komunidad, ating tanungin ang Diyos kung ano ang Kanyang mabuting intension para sa bawat sitwasyon, at anong mga resorses ang ibinigay na ng Diyos sa atin upang makatugon sa mga problemang ito. Anong mga tao, materyal, oras, pondo, o lugar ang mayroon na tayo? Sa susunod na mga linggo, ating tatalakayin ang ating mga nakita, at pipili tayo ng 3 mga problema na kaagad nating matutugunan.
- (Panalangin) Aming Ama, magdala nawa kayo ng transformasyon sa aming komunidad habang kami'y nabubuhay nang may pagsunod sa Iyo. Amen! Tayo'y humayo upang ating makita paano natin maipakita ang pag-ibig at paglilingkod para sa ating komunidad.

Aralin 7: Matematika sa Kaharian ng Diyos

Pangunahing Ideya: Kahit ang pinakamahirap ay may kakayahang magbigay. At habang sila'y nagbibigay, kanilang makikita ang pagpaparami ng Diyos sa kanilang mga pagsisikap sa kapansin-pansin na mga paraan.

Balik Aral sa Aralin 6

- Ang Diyos ay mayroong mabuting intension para sa ating komunidad.
- Ang responsibilidad ng ating mga iglesia ay ang pagpapahayag ng Mabubuting mga intension ng Diyos sa pamamagitan ng pagpupuno o pag-abot sa mga pangangailangan ng ating komunidad.
- Ang Diyos ay nagbigay na sa atin ng napakaraming mga bagay; Kailangan nating buksan ang ating mga mata upang makita ang mga resorses na ito. Ang pera ay hindi ang nag-iisang resorses na kailangan ng tao. Maaaring wala taong pera, ngunit mayroon tayong harden o mga manok. Mayroon tayong kakayahan at kaalaman. Mayroon tayong oras, mga relasyon at malakas na mga braso na maaaring makatulong. Anuman ang mayroon tayo, ang mga ito ay regalo na mula sa Diyos na dapat nating gamitin para sa Kanyang kaluwalhatian.

Panimula

Maraming mga tao na kanilang ginagamit ang kanilang kahirapan bilang dahilan na sa hindi pagbibigay sa iba. Kanilang sinasabi na, 'Sila'y labis na mahihirap, wala akong maiibigay,' o 'Napakaliit ng aking maibigay, wala itong maiitulong.' Bunga nito, kanilang nakakaligtaan ang pagpapala ng Diyos at ang pagkakataong maluwalhati ang Diyos. Maaaring sila'y mahihirap, ngunit kanilang nakakalimutan ang isang bagay na tunay na napakahalaga na makakapagtagumpay sa lahat ng mga bagay. Tinatawag natin itong, Matematika sa Kaharian ng Diyos, at ito ay ayon sa kapangyarihan ng Diyos. Pag-usapan natin ito.

Pangunahing mga Ideya

Ang Diyos ang nagpaparami ng ating pagsiskap

- Mayroon akong 5 mga buto (ilinya sa lupa, sahig o lamesa). Hindi marami, ano? Kung ako ay mayroong dalawang linya ng 5 mga buto (magdagdag ng 5 buto na naka linya), 5 i-multiply sa 2 = 10 mga buto. Mas marami, hindi ba? (Magdagdag pa ng mga tig-5 mga buto). Ang pag-mumultiply ay nagpaparami ng mga maliliit na mga numero at ginagawa nitong higit na malaki sa matematika.
- Ito rin ay tutuo sa Kaharian ng Diyos. Halimbawa, kung ako ay magtatanim ng 5 buto, pararamihin ito ng Diyos na ang bawat buto ay dadami. Ating tingnan ang ilang mga

kwento mula sa Biblia na ating makikita ang kapangyarihan ng Diyos sa pagpaparami gaya nito.

- **Juan 6:1-14** (Ang Bata at ang kaniyang baon)

  Napakaraming tao ang sumunod sa Panginoong Jesus. Nang si Jesus ay nagtungo sa may Kabundukan at naupo kasama ng Kaniyang mga disipulo. Nang tumingin si Jesus, nakita Niya ang napakarimng mga tao na papalapit sa Kaniya. Kanyang tinanong si Felipe, Saan tayo makakabili ng Tinapay upang mapakain natin ang mga taong ito?' Mayroong mga 5,000 mga lalaki, at mga babae at mga bata!)

  Sumagot si Felipe, 'Hindi natin kaya silang mapakain! Kahit ang dalawang daang salaping pilak (isang pilak ay isang araw na sweldo ng isang karaniwang manggagawa) ay hindi sasapat upang makabili ng Tinapay at makakain sila ng tigkakaunti!' Nagsalita si Andres, 'Mayroon po ritong isang bata na may dalang 5 tinapay at 2 isda, subalit sasapat kaya ang mga ito?'

  Sinabi ni Jesus, Sabihan ninyo ang mga taong magsi-upo.' Maraming damo sa lugar na iyon, at sila'y nagsi-upo. Kinuha ni Jesus ang Tinapay at ang isda, nagpasalamat Siya, at Kanyang ipinamahagi ang mga ito sa kanila na nagsi-upo at sila'y nagsikuha hangang kanilang nais. (MBB)

  - Hindi kailangan ni Jesus ang baon na dala-dala ng bata upang mapakain ang napakaraming mga tao. Maaari Siyang magpadala ng pagkain mula sa langit, gaya ng 'manna' na kanyang ibinigay sa Matandang Tipan (Exodo 16:4). Bakit Niyang pinili na kunin ang kakarampot na baon ng bata? Nais Niyang ipakita sa Kanyang mga disipulo na hindi mahalaga gaano kaliit o kakarampot ang ibibigay, ang mahalaga ay kung kanino ito ibibigay.

    Nang nabusog na silang lahat, sinabi ni Jesus sa Kangyang mga disipulo, 'Tipunin ninyo ang mga natira.' Kaya kanilang tinipon ang mga Tinapay na natira at kanilang napuno pa ang 12 mga basket mula sa unang 5 tinapay.

  - Ibinigay ng bata ang kanyang baon sa Panginoong Jesus. Pinarami ito ni Jesus.
  - **2 isda at 5 tinapay x Diyos = pagkain para sa higit 5000 mga tao**. Yan ang matematika sa Kaharian ng Diyos!

Kahit ang pinakamahirap ay may kakayahang magbigay

- I Hari 17 at 18 (Ang Balo sa Sarefat)

  Matagal na tag-tuyot ang nangyayari sa lugar. Sinabihan ng Diyos si Elias, 'Pumunta ka sa Sarefat at doon mamalagi. Aking pinagbilinan ang isang balo doon na magbigay ng iyong makakain.' Kaya siya'y nagpunta sa Sarefat. Sa kanyang pagpasok sa lugar, kanyang nakita ang isang balo na kumukuha ng panggatong. Siya'y nagsabi rito, 'Maaari mo ba akong bigyan ng kaunting maiinom? At dalhan mo na rin ako ng Tinapay.'

'Wala akong kahit isang Tinapay,' sagot ng balo, 'karampot na arina lamang ang mayroon ako sa aking sisidlan at kaunting langis lamang. Pumupulot nga ako ng ilang panggatong upang makapagluto ang makakain para sa akin at sa aking anak, at pagkatapos naming kumain ay maghihintay na kaming mamatay.'

Sinabi ni Elias sa balo, 'Huwag kang matakot. Umuwi ka at gawin ang iyong sinabi. Pero gawan mo muna ako ng isang Tinapay mula sa mayroon ka, at saka ka gumawa ng para sa iyo at sa iyong anak. Ito ang sinasabi ng Diyos, "Ang iyong sisidlan ng arina ay hindi mauubusan ng laman, at ang iyong lagayan ng langis ay hindi rin matutuyuan hanggang muling magpa-ulan ang Diyos."'

Siya'y umuwi at ginawa ang sinabi ni Elias sa kanya.At sa araw-araw ay mayroon pagkain sina Elias, ang balo at ang kanyang pamilya. Ang sisidlan ng arina ay hindi nawalan ng laman, at ang langis ay hindi naubos, gaya ng sinabi ng Diyos. (MBB)

- Napakahirap ng balo. (Kaniyang kakainin na lamang ang kanilang huling pagkain.)
- Ang Diyos ay may puso para sa mahihirap. Maaari papuntahin ng Diyos si Elias sa mayamang pamilya sa bayan, ngunit hindi Niya ito ginawa. Sa halip, ay Kanyang pinapunta si Elias sa balo na labis ang hirap sa buhay upang iligtas ito at ang kanyang anak.
- Hindi nagbigay ang Diyos sa balo ng dahilan upang hindi na magbigay. Ang mahihirap ay maaaring magbigay, at sila'y pagpapalain ng Diyos sa kanilang pagbibigay. Sa kwentong ito, ginamit ng Diyos ang kahandaan ng balo na magbigay, kahit na ng kaniyang huling pagkain upang paramihin ito ng Diyos na maging sapat na pagkain para sa kanila sa loob ng tatlong taon!
- **Isang pagkain na pinarami ng Diyos = pagkain para sa tatlong taon.** Yan ang Matematika sa Kaharian ng Diyos!

Papanagutin tayo ng Diyos sa mga bagay na Kanyang ibinigay sa atin

Huling kwento. At ito'y isang kwentong hindi masaya ngunit ito rin ay nagpapakita ng Matematika sa Kaharian ng Diyos.

- Mateo 25:14-30

May isang panginoong mayaman na maglalakbay ng malayo. Bago siya umalis, kanyang tinawag ang kanyang tatlong mga tauhan. Sa unang tauhan, binigyan niya ito ng 5 sisidlan na puno ng pera at kanya itong pinagbilinan, 'Ipangalakal mo ito hanggang sa aking pagbabalik.' Sa ikalawang tauhan, binigyan naman niya ito ng 2 sisidlang puno ng pera at pinagbilinan din ito, 'Ipangalakal mo ito hanggang sa aking pagbabalik.' Sa ikatlong tauhan, ay binigyan niya ito ng isang sisdlang puno ng pera at

kanyang muling inulit ang kanyang bilin, Ipangalakal mo ito hanggang sa aking pagbabalik.'

Umalis nga ang panginoong mayaman at makalipas ang mahabang panahon ay muli siyang nagbalik. Kanyang ipinatawag ang tatlong tauhan at nagtanong kung ano ang kanilang ginawa. Ang unang tauhan ang nagbigay-ulat na kanyang ipingalakal ang pera na ibinigay sa kanya at ang limang sisidlang puno ng pera ay kumita ng 5 pang sisidlang puno rin ng pera. Dahil dito ay nagsabi ang mayaman sa tauhang ito, 'Mahusay, ikaw ay naging tapat sa kakaunti, ngayon ay bibigyan kita ng higit pang marami.' Ang ikalawang tauhan ang nagbigay ulat din na kanyang sinabi na ang dalawang sisidlan na puno ng pera ay kumita ng dalawa pang sisidlang puno rin ng pera matapos niyang ipangalakal ang mga ito at muling tumugon ang mayaman ng, 'Mahusay, ikaw ay naging tapat sa kakaunti, ngayo ay bibigyan kita ng higit pang marami!'

At sa huli, ang ikatlong tauhan ay nagpaliwanag, 'Alam kong ikaw ay isang mahigpit na tao. Ako'y natakot na mawala ko ang iyong ibinigay kaya ko ito ibinaon sa lupa.' At sa tauhang ito ay nagsabi ang mayaman, Masama at tamad na tauhan!' Kinuha mula sa tauhang ito ang ibinigay sa kanya at ibinigay ito sa unang tauhan, at kanyang ipinatapon ang ikatlong tauhan palabas ng kanyang kaharian.

Ang panginoong mayaman ay sumasalamin o nagrerepresenta sa Diyos. Ang tauhang binigyan ng isang sisidlang puno ng pera ay nagrerepresenta sa isang mahirap na tao. Ngunit tingnan ang nangyari sa kanya? Siya'y ipinatapon palabas ng kaharian.

- Ang Diyos ay may pag-aaruga sa mahihirap, ngunit bakit Niya ipinatapon ang tauhang ito palabas ng kaharian? Dahil ang tauhang ito ay tamad at masama. Hindi man lamang siya nagsikap na makapagbigay sa kanyang amo o panginoon.
- Ang mayamang panginoon ay nagbigay ng *magkaparehong gantimpala* sa tauhang may 5 sisidlang puno ng pera at sa tauhang may 2 sisidlang puno ng pera, bagaman *malaki ang pagkakaiba ng halagang kanilang ibinalik* sa kanilang panginoon. Kung ang tauhang nabigyan ng isang sisidlang puno ng pera ay nakapagbigay ng kahit isa pang sisidlang puno ng pera, siya rin ay magagantipalaan ng katulad na gantimpala ng naunang dalawang tauhan.
- **Isang sisidlang puno ng pera ay HINDI na ibigay sa Diyos, HINDI naparami ng Diyos = Walang Nangyari.**
- Tayo ay pananagutan ng Diyos sa anumang Kanyang ibinigay sa atin. Hindi Niya tayo hinihingan ng higit sa ating kakayahan. Ang tangi Niyang hinihiling ay ang ating katapatan sa kung ano ang mayroon tayo, kahit gaano pa ito kaliit o kaunti.

Konklusyon at Aplikasyon

- Ang ating Diyos ay nagbigay na sa atin nang maraming mga bagay maliban sa mga materyal na pagpapala–nariyan ang ating kalusugan, ang ating mga pamilya, oras, mga ideya, at kakayahan. Kapag ating pinag-uusapan ay ang pagbibigay sa Diyos, hindi lamang natin tinutukoy ang tungkol sa pera o pagkain. Kahit ang pinakamahirap ay may kakayahang magbigay ng isang bagay. At habang kanilang ginagawa ito (ang pagbibigay), pinaparami ng Diyos ang kanilang pagsisikap sa kapansin-pansing mga paraan.
    - Sa kwento tungkol sa batang nagbigay ng kanyang baong pananghalian, ang buong komunidad ay nakatanggap ng benipisyo. Minsan ay pinagpapala tayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa atin na maging bahagi ng pagkilos na makakagawa ng kaibahan sa ating komunidad o ang makakita ng isang tao na lumapit sa Diyos at nakakilala't sumampalataya sa Diyos.
    - Sa ibang mga pagkakataon ay Kaniyang pinagpapala tayo ng materyal na mga bagay, katulad ng Kanyang ginawa para sa balo.
- II Corinto 9:8

    Magagawa ng Diyos na pasaganain kayo sa lahat ng bagay, at higit pa sa inyong pangangailangan, upang sumagana kayo para sa mabubuting gawa. (MBB)
    - Ang dahilan na tayo ay pinagpapala ng Diyos ay upang tayo'y magpatuloy na maging mapagbigay sa lahat at bawat pagkakataon upang ang ating Diyos ay mapapurihan.
- (Panalangin) Aming Ama, amin pong kinikilala na sa maraming pagkakataon ay hindi namin nagamit ang aming mga talento na Inyong ibinigay sa amin upang maging pagpapala kami sa iba at sa gayo'y naluwalhati namin Kayo. Salamat po sa inyong pagpapatawad sa amin at nawa'y bigyan N'yo po kami ng pusong mapagbigay. Inyong ipakita po sa amin paano kami makakapagsimulang gamitin ang lahat na Inyong ibinigay sa amin upang makapaglingkod at aming maipakita ang aming pagmamahal sa iba sa araw-araw ng aming buhay.

Aralin 8: ‘Acts of Love’

Pangunahing Ideya: Maaari nating maipakita ang ating pagmamahal sa ating komunidad sa pamamagitan ng paggawa ng “Acts of Love.” Ang mga katangian ng isang ‘Act of Love’ ay mga sumusunod: ginawa upang maipakita ang pag-ibig ng Diyos, ginawa sa pagsunod sa Diyos, ginawa sa pamamagitan ng kalakasan ng Diyos, ginawa upang ang Diyos ay mapapurihan, ginawa gamit ang mga lokal na resorses, maliit at simple, at nagsasali ng marami hanggang maaari.

Balik Aral sa Aralin 7

- Kahit ang pinakamahirap ay may kakayahang magbigay. At habang kanilang ginagawa ito (ang pagbibigay), kanilang makikita ang pagpaparami ng Diyos sa kanilang pagsisikap sa kapansin-pansing mga paraan. Ang pagsunod na ito ay nagreresulta kapurihan para sa Diyos.

Panimula

Sa susunod na linggo, sa panahon ng ating pagsamba, tayo ay gagawa ng isang plano patungkol sa isang ‘Act of Love,’ isang maliit na proyekto na gagawin ng buong iglesia na pagpapamalas sa pag-ibig ng Diyos sa ating komunidad. Mayroong 7 espisipikong mga katangian ang isang ‘Act of Love.’ Sa aking pagpapakilala sa bawat katangian, tuturuan ko rin kayo ng mga sinyales ng kamay upang ating madaling matandaan ang mga ito.

Tala para sa pastor: sa iyong Pagpapakilala sa bawat katangian, balikan lagi ang senyas ng kamay para sa mga sumusunod na katangian.

Pangunahing mga Ideya (7 Katangian ng isang ‘Act of Love’)

Ginawa upang maipakita ang pag-ibig ng Diyos (senyas: gumawa ng puso gamit ang dalawang daliri)

Galacia 5:14

> *Sapagkat ang buong Kautusan ay nauuwi sa isang pangungusap, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.”* (MBB)

- Gaya ng ating natutunan sa aralin 3, ating minamahal ang Diyos sa pamamagitan ng ating pagmamahals a ating kapwa o kapitbahay. Ang motibo ng ating aksyon ay upang ipakita ang pag-ibig ng Diyos, hindi upang manipulahin ang tao.
- Ating isipin ang mga taong hindi natin madalas napakikitaan ng pag-ibig; halimbawa, ang mga taong hindi pumupunta ng simbahan. Mahalaga na ating maipakita ang pag-ibig ng Diyos para sa mga hindi mananampalataya. Marami sa kanila ang hindi payag na magsimba at makinig ng tungkol sa Diyos. Ngunit kapag kanilang makita at maranasan ang pag-ibig ng Diyos, maaari itong magkaroon ng makabuluhang ipekto sa kanilang buhay.

- Sa isang komunidad, ang isang iglesia ay nagpasyang gumawa ng isang 'Act of Love.' Kanilang naramdaman na sinasabi sa kanila ng Diyos na kanilang tulungan ang asawang babae ng isang lider ng isang gang sa kanilang erya. Ang gang lider na ito ay kilala na sa madaling pagiging magalitin nito at kaniyang binubugbog ang sinuman kahit dahil lamang sa isang simpleng dahilan, ngunit ang iglesiang ito ay nagpasya nang sumunod sa Diyos. Nang ang gang lider ay umalis ng kanilang lugar, tinulungan ng iglesia ang asawa nito sa pag-ani ng kanilang mga pananim at kanilang inihanda na rin ang mga ito upang ito'y maibenta na rin. Nang muling nagbalik ang gang lider sa kanyang bahay, ito'y napasigaw, 'Sino ang gumawa nito?' Natakot ang kanyang misis na sabihin paano ito nangyari, ngunit hindi nagtagal ay kanya ring inamin na siya' tinulungan ng mga miyembro ng isang iglesia. Nagmamadaling sumugod ang gang lider at malakas na kumatok ng malakas sa pintuan ng simbahan. Matapos tawagin ng pastor ang ilang niyang mga diakono upang makatulong sa kanya, binuksan ng pastor ang pintuan ng simbahan, at pumasok ang lider ng gang. 'Bakit ninyo ginawa iyon?' Kaniyang paghinga ng paliwanag. Sila'y tumugon at nagsabing nais lamang nilang ipakita ang pag-ibig ng Diyos. Ang gang lider ay nagsimulang umiyak, kaniyang ibinahagi na wala pang nagmahal sa kanya noon. Naging mananampalataya ang gang lider, nabago ang kaniyang buhay, at kanya ring naakay ang anim pa niyang kagrupo kasama ng mga pamilya nito at sila rin ay naging mananampalataya.
- Sa aking palagay, ay hindi magiging ganito ang reaksyon ng gang lider kung ang ginawa ng iglesia ay ibinahagi lamang ang ebanghelyo sa kanya.

Ginawa sa pagsunod sa Diyos (senyas: kamay na sumasaludo)

- Gaya ng sa lahat ng bagay, nais nating masiguro na lagi tayong lumalakad na may pagsunod sa Diyos. Kapag ating paplanuhin ang ating 'Act of Love' sa susunod na linggo, magsisimula tayo sa pananalangin, na humihiling sa Diyos sa nais Niyang ating gawin.
- Minsan ay di natin maunawaan ang mga bagay na hinihiling ng Diyos na ating gawin. Ang iglesia sa ating kwento ay nanalangin, at sinabi ng Diyos sa kanila na tulungan ang misis ng lider ng isang gang. Maaaring hindi sila magbibigay tuon sa gang lider kung hindi nila hiningan ang Diyos ng direksyon sa kanilang gagawin.
- Tayo ay magkaroon ng lakas ng loob kung alam nating pinangungunahan tayo ng Diyos sa ating gagawin, dahil ito ay tutupad ng anumang Kanyang ninais, at tayo'y pagpapalain sa pamamagitan ng ating pakikilahok sa Kanyang mga plano.

Maliit at Simple (senyas: ipakita ang pinakamaliit na daliri at ikumpas ito ng letrang S)

- Dapat tayong magsimula sa pamamagitan ng pagpili ng isang 'Act of Love' na maliit lamang at simpleng gawin. Ito ay dapat magawa sa loob ng isang araw lamang. Sa ganitong paraan ay may 4 na mga bagay na mangyayari:
    - Ating kayang tapusin ito. Kung tayo ay gagawa ng isang bagay na malaki, maaari tayong ma-overwhelm at mahirapan tayong makamit ang ating layunin.
    - Maraming tao ang maaaring makilahok o makasali. Hindi ba mas madaling sumali ang mga tao sa maliliit na proyekto at magkumit dito kung kanilang nalalaman na ang gawaing ito ay gugugol lamang ng isang araw o isang buong maghapon lamang? Kung ito'y isang malaking proyekto na mangangailangan ng maraming araw upang matapos, hindi ba mas mahirap magkumit ng oras at resorses.
    - Magkakaroon tayo ng pagkakataon na mapatatag ang ating kakayahan at kumpiyansa. Ito ay magpapahintulot sa atin na gumawa ng mga bagay na simple at magkaroon ng karanasan bago tayo magsikap na makagawa ng mga kumplikadong mga proyekto.
    - Makakakuha agad tayo ng mabilisang pagtatagumpay. Sa ating unang pagtatangkang gumawa ng isang 'Act of Love,' siguro ay may kakaunting mga tao lamang ang lalahok o makikisali. Ngunit habang tayo ay nagtatagumpay sa maliliit na mga proyekto, ang iba ay mahihimok na makisali o makilahok upang makita ang ating pagtatagumpay.
- Higit na mas maganda na gumawa ng mga 'Act of Love' nang palagian (isang beses sa isang lingo o isa sa bawat dalawang linggo) kaysa gumawa ng isang malaking proyekto ng minsan lamang. Ito ay makakatulong sa ating komunidad na palagiang makita ang ating mga iglesia na kalahok o kasali sa pagmamahal at pag-aaruga sa kanila.

Ginawa gamit ang lokal o sariling resorses (senyas: itaas ang kamay habang gumagawa ng bilog na hugis gamit ang hintuturo at hinlalaki at pagkatapos ipasok sa bulsa ang natitirang tatlong mga daliri)

- Mahalaga na ang ating iglesia ay gagawa ng mga 'Act of Love' gamit ang ating sariling mga resorses—hindi naghahanap ng tutulong sa kanila mula sa labas ng iglesia o labas ng bansa. Bakit?
    - Una, labis na makikita ang pag-ibig. Natatandaan pa ba ninyo ang ating kwento tungkol sa 'sari' sa mga nakalipas na linggo? Ang kanilang regalong mga sari ay hindi magkakaroon ng ganoong epekto kung ang isang malaking organisasyon ang nagdala nito at nagbigay sa komunidad na ito. Naramdaman ng mga taong nabigyan ng sari ang tunay na pag-ibig nang

kanilang nakita ang pagsasakripisyo ng mga kababaihan nagkaloob nito. Kung di mararamdaman ng komunidad ang anumang pagsasakripisyo o pagsisikap na ginawa para sa kanila, hindi rin nila makikita ang pag-ibig ng Diyos tungo sa kanila sa parehong paraan.

- Pangalawa, makakatanggap tayo ng mga pagpapala sa ating pagbibigay (bagaman, higit na mahusay na pananaw ang paniniwalang tayo'y pinagpala na ng Diyos kaya masaya tayong nakakapagbigay). Ayon sa II Corinto 9:6-11, ganito ang nasusulat: *Ito ang ibig kong sabihin: ang nagtatanim ng kakaunti ay aani ng kakaunti, at ang nagtatanim ng marami ay aani ng marami. Ang bawat isa'y dapat magbigay ayon sa kanyang pasya, maluwag sa loob at hindi napipilitan lamang, sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay nang may kagalakan.* ***Magagawa ng Diyos na pasaganain kayo sa lahat ng bagay, at higit pa sa inyong pangangailangan****,* ***<u>upang sumagana kayo para sa mabubuting gawa.</u>*** *Tulad ng nasusulat, "Siya'y masaganang nagbibigay sa mga dukha; ang kanyang kabutihan ay walang hanggan." Ang Diyos na nagbibigay ng binhing itatanim at tinapay na makakain, ang siya ring magbibigay sa inyo ng binhi, at magpapalago nito upang magbunga nang sagana ang inyong kabutihang-loob. Pasasaganain niya kayo sa lahat ng bagay upang mas marami ang inyong matulungan. Sa gayon, lalong darami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa inyong tulong na dadalhin namin sa kanila.* (MBB)

- Sinabi ng Diyos sa atin na Kanya tayong pagpapalain sa parehong sukat ng ating pagbibigay. Ang Diyos ay mayroong mabubuting mga intension para sa iyo!
- Bakit tayo pinagpapala ng Diyos?
  - Upang tayo ay maging mapagbigay sa bawat pagkakataon.
  - Upang ang Diyos ay mapapurihan.
- Habang ang Iglesia ay nagsasakripisyo sa paggawa ng mga 'Act of Love,' atin dapat paniwalaan na Kanyang pagpapalain tayo! AT habang ginagawa ito ng Diyos, tayo ay magkakaroon ng kakayahang higit na maging mapagbigay.

Ginawa sa pamamagitan ng kalakasan ng Diyos (senyas: ibaluktot ang dalawang braso upang lumabas ang mga kalamnan o 'muscles')

Juan 15:5

> *"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin.* (MBB)

- Wala tayong masyadong magagawa sa ganang atin. Kailangan nating umasa sa kalakasan ng Diyos. Ang tanging paraan upang mamunga ay sa pamamagitan ng pananatili at pagsunod sa Panginoong Jesus.

- Ang pagtulong sa mga tao ay maaaring maging napakahirap. TANGING DIYOS LAMANG ang makakapagdala ng pagbabago na ating inaasahang makita sa ating komunidad. Kung nais nating makita ang ating komunidad na mabago sa pamamagitan ng mga 'Acts of Love,' kailangan talaga nating tumingin sa Diyos at humiling na Kanyang tulong.
- Dapat tayong palagiang nananalangin bago, habang, at pagkatapos nating gawin ang mga 'Act of Love.' Kapag tayo ay humaharap sa mga hamon o mga balakid, kakailanganin nating humiling sa Diyos na S'ya ang gumawa ng paraan upang matupad ito. Kung tayo ay napagod o pinanghinaan ng loob, dapat tayong magtiwala sa Diyos na Kanya tayong bibigyan ng kalakasan upang makapagpatuloy hanggang sa ating pagtatagumpay.

Nagsasali o nag-iinvolve ng mas marami hanggang maaari (senyas: pag-aanyayang pagkaway sa mga kalahok)

- Tinatawag ng Diyos ang bawat isa sa loob ng iglesia na maglingkod, at hindi lamang ang mga pastor o mga lider at manggagawa. Ang mga tao ay lalago sa kanilang pananampalataya kapag sila'y naglingkod sa iba.
- Kung tayong lahat ay gagawing sama-sama, tayo ay makikinabang mula sa pagiging malikhain at enerhiya ng ibang mga tao. Ang isang mabuting 'Act of Love' is hindi lamang pangungulekta ng pera mula sa bawat isa na inyo ipapamigay, kundi sa pagsasali sa bawat isa na makilahok sa paggawa ng isang proyekto na sama-sama. Siguro ay pwede nating linisin ng sama-sama ang ating mga kanal, alisin ang mga kalat mula rito o sa mga kalsada, o ang maglinis ng isang bakurang walang nakatira (siguruhin lamang na may pahintulot sa may-ari o kina-uukulan.

Ginawa upang ang Diyos ay mapapurihan (senyas: pagtaas ng mga kamay na nagpupuri)

Mateo 5:16

> *Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit.* (MBB)

- Ang dahilan sa ating pagliliwanag sa pamamagitan ng paggawa ng mabubuting mga bagay para sa iba ay upang maluwalhati ang Diyos Ama sa langit. Kaya, kapag tayo ay gumagawa ng mga 'Acts of Love,' ang ating layunin ay ang maluwalhati ang Diyos.

Matapos nating magawa ang isang 'Act of Love,' tayo ay magbibigay ng panahon upang ating suriin ang resulta nito. Natulungan ba ang mga tao ng ating ginawa? (Tandaan: hindi lahat ng tulong ay nakakatulong; ang iba ay lumilikha lamang ng pagiging pala-asa ng tao) Ang atin bang ginawa ay nagawa sa mapagmahal na paraan? Ang Diyos ba ay napapurihan?

Minsan ay makikita ng mga tao ang ating ginawang 'Act of Love' at magiging bukas sa pakikinig ng tungkol sa Diyos. Ito ang magandang ating inaasahan, ngunit hindi ito palaging nangyayari. Hindi tayo palagiang magkakaroon ng pagkakataon makapangusap o makapagbahagi ng tungkol sa Diyos sa bawat pagkakataong tayo ay nakakagawa ng 'Act of Love.' OK lamang ito! Dapat nating mapagsikapang maluwalhati ang Diyos sa lahat ng oras sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na nagbibigay karangalan sa Diyos. Maging ang ating pag-uugali, ang ating kaligayahan, at ating mga motibo ay upang makapaglingkod sa iba, ay maaaring maging isang patotoo na magbibigay karangalan at papuri sa Diyos.

Konklusyon

- Ating balikan ang mga katangian ng 'Acts of Love' gamit ang mga senyas para dito. Ang 'Acts of Love' ay ginawa upang ipakita ang pag-ibig ng Diyos para sa ating komunidad, ginawa sa pagsunod sa Diyos, ito'y maliit at simple, ginawa sa pamamagitan ng kalakasan ng Diyos, ginawa gamit ang lokal na resorses, Nagsasali sa higit na marami hanggang maaari, at ginawa upang mapapurihan ang Diyos. Ang mga katangiang ito ay sama-samang nagsasabi kung gaano ito kakaiba sa anumang bagay na ginagawa ng ibang mga organisasyon o mga relihiyon! Tanging ang Iglesia lamang ang makakagawa nitong mga 'Acts of Love.'
- Tayo ay nagmasid sa ating komunidada upang makita ang iba't-ibang uri ng mga pangangailangan, atin ring inisip ang mga resorses na ibinigay na ng Diyos sa atin. Sa sunod na linggo, tayo naman ay magpapasya kung ano ang nais ng Diyos na ating gawin bilang ating 'Act of love!'
- Sa ngayon, bilang isang iglesia, tayo ay maglaan ng panahon upang manalangin para sa ating komunidad at humiling sa Diyos kung anong 'Act of Love' ang Kanyang nais na ating gawin upang maipakita sa ating komunidada na hindi gagamit o mangangailangan ng pera.
- Maglaan ng panahon para manalangin. At pagkatapos ay manalangin sa pamamagitan nito:

  Aming Ama, Maraming salamat po sa Inyong pagbibigay sa amin ng Inyong Espiritu upang kami'y matulungan sa paggawa ng mga desisyon. Kami po ay nananalangin na bibigyan Mo kami ng mga magagandang ideya at iyong pag-iisahin kami sa pagpili ng isang 'Act of Love' para sa susunod na linggo.

Aralin 9: Pag-oorganisa ng Isang 'Act of Love'

Pangunahing Ideya: Hindi sapat na tayo ay maniwala na si Jesus ay Panginoon, at mag-aral o makinig ng mga katotohanang ipinapakilala ng Diyos. Nais ng Diyos ang ating mapagmahal na pagsunod. Tayo ay magsisimula sa pag-kilos o sa paglalagay sa katotohanan ng Diyos sa ating mga gawa sa pamamagitan ng pagpaplano ng isang 'Act of Love.'

Pagbabalik Aral sa mga Aralin 1-8

Ating balikan ang ilang pangunahing mga ideya mula sa mga nakalipas na mga mensahe. (pumili ng ilan sa mga ito na iyong naiisip na kailangang maalala o matandaan ng iyong iglesia) Halimbawa:

- Mahal ng Diyos ang lahat ng tao, kahit na ang mga makasalanan, yaong mga kumukontra sa iglesia o sa mga tumanggi na o nakalimot na sa Diyos.
- Kanyang inuutusan tayo, tayong Kaniyang Iglesia, na mahalin ang kanilang kapwa o kapitbahay gaya ng pagmamahal na pinakita ng Panginoong Jesus.
- Isang paraan na ating magagawa ito ay sa pamamagitan ng 'Acts of Love,' maliliit itong mga proyekto na ginagawa ng mga iglesia upang maipamalas ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang komunidad. Kalimitan ay mga simple mga bagay o proyekto ang mga ito na maaaring magawa sa loob ng isang araw o iilang mga oras.

Panimula

Nang tayo ay naging mga mananampalataya, maraming mga katangian ng Diyos ang ating natutunan, maging ng tungkol sa pag-ibig at Kanyang biyaya. Parang ang ating nais lamang gawin ay mahalin ang Diyos ng labis! Ang mamuhay sa biyaya ng Diyos ay hindi nangangahulugan na hindi natin kailangan sumunod sa Kanya. Kailangan o dapat tayong sumunod—hindi dahil tayo ay nagsisikap na maligtas sa pamamagitan ng pagsunod. Sa halip, tayo ay sumusunod sa Diyos dahil mahal natin S'ya. Ating sinisikap matutunan ang tungkol sa pagnanais ng Diyos na ang kanyang mga taga-sunod ay magbigay sa Kanya ng luwalhati. Ngayon, ating ilagay sa isang aksyon ang katotohanan ng Diyos.

Pangunahing mga Ideya

Mateo 21:28-32

> *"Ano ang palagay ninyo rito? May isang taong may dalawang anak na lalaki. Lumapit siya sa nakatatanda at sinabi, 'Anak, pumunta ka ngayon sa ubasan at magtrabaho ka roon.' 'Ayoko po,' tugon nito, ngunit nagbago ito ng pasya at nagtrabaho sa ubasan. Lumapit din ang ama sa ikalawa at ganoon din ang kanyang sinabi. At tumugon ito, 'Opo,' ngunit hindi naman pumunta sa ubasan. Sino sa dalawa ang sumunod sa kalooban ng kanyang ama?"*

"Ang nakatatanda po," sagot nila.

Sinabi sa kanila ni Jesus, "Tandaan ninyo: ang mga maniningil ng buwis at ang mga bayarang babae ay nauuna pa sa inyo na makapasok sa kaharian ng Diyos. Sapagkat naparito sa inyo si Juan at itinuro ang pagsunod sa kalooban ng Diyos, at hindi ninyo siya pinaniwalaan, ngunit naniwala sa kanya ang mga maniningil ng buwis at ang mga bayarang babae. Nakita ninyo ito subalit hindi pa rin kayo nagsisi't tumalikod sa inyong mga kasalanan, at hindi rin kayo naniwala sa kanya."

Alam natin ang kalooban ng Diyos at Kanyang mga katotohanan

- Nilinaw ng ama kung ano ang kanyang nais para sa kanyang 2 anak. Ang pumunta sa ubasan at doo'y magtrabaho! Alam ng parehong anak kung ano ang kalooban ng kanilang ama.
- Alam natin ang kalooban ng Diyos para sa atin: Ang mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa gaya ng ating pagmamahal sa ating sarili.

Nais ng Diyos ang ating pagsunod

- Ang unang anak ay nagsabing hindi siya susunod sa kanyang ama, ngunit di nagtagal ay nagbago ng pag-iisip at siya'y sumunod. Ang ikalawang anak naman ay nagsabing siya'y susunod, ngunit hindi naman sumunod.
    - Pinuri ni Jesus ang anak na sumunod.
    - Ginamit ni ang talinghagang ito upang ilantad ang pagiging masuwayin ng mga pinuno o mga lider ng relihiyon.
    - Kanyang sinabi na ang mga publikano (kurapt na mga opisyal ng gobyerno) at mga prostityut na nagsipagsisi at nagsimulang sumunod ay ang mga papasok sa Kaharian ng Diyos kaysa sa mga lider ng relihiyon na nagsasabing mahal nila ang Diyos ngunit hindi naman sumusunod.
- Hindi sapat na atin lamang mapag-aral o marinig ang mga katotohanan tungkol sa Diyos. Kailangan natin gawin ang mga katotohanan ng Diyos. Nais ng Diyos ang ating mapagmahal na pagsunod.
- Kailangan nating magsimula sa pagsunod sa kalooban ng Diyos sa ating mga buhay sa pamamagitan ng paggawa ng 'Act of Love.' Ang ating komunidad, maging ang ating mga sarili ay hindi magbabago hanggang hindi tayo susunod o hindi natin gagawin ang ating mga natututunan.

<u>Ilustrasyon mga kwento: 'Acts of Love'</u>

- Marahil ay mahirap maiisip kung anong uri ng mga bagay ang ating magagawa upang maipakita ang pag-ibig. Nais kong ibahagi sa inyo ang ilang mga kwento ng ibang mga iglesia na gumawa ng mga 'Acts of Love,' at ako'y umaasa na ang mga ito ay magbibigay kasabikan sa inyo sa kung ano ang maaaring gawin ng Diyos sa ating iglesia!

- (Pumili ng di bababa sa 2 mga kwento na babasahin mula sa appendix 1, o higit sa 2 kwento kung mayroong panahon.)

Konklusyon at Aplikasyon

Unang Hakbang: Tayo ay pipili ngayon ng ating unang 'Act of Love.' Una ay kailangan nating manalangin. Mga kapatid, tayo ay maglaan ng ilang minuto ng katahimikan upang tayo ay makinig sa Diyos. Aming Diyos at Ama, ipakita N'yo nawa sa amin kung ano ang inyong nais na aming gawin bilang aming unang 'Act of Love.' (Manalangin ng tahimik ng ilang mga minuto.)

Ikalawang Hakbang: Sama-sama tayong magkasundo kung ano o sa anong bagay tayo pinangungunahan ng Diyos na ating dapat gawin. Hayaan po ninyo akong paalalahanan kayo sa ilang mga ideya para sa mga 'Acts of Love' na ating natalakay sa mga nakalipas na linggo. (Idagdag na rin ang ilang mga napag-usapan ng iyong iglesia.)

- Ang paglilinis sa mga kalat sa kanal
- Pagsasa-ayos ng bubong ng bahay ng isang balo
- Pagsasa-ayos ng kalsada
- Pagbibigay ng pagkain para sa mga ulila

Sa pagpapasya kung alin sa mga ideya ang gagawin, ating pakakatandaan na ito'y ating unang pagkakataon na ito'y ating gagawin. Dahil ito'y ating una, tayo ay pumili ng isang bagay na maliit at simple na ating magagawa sa loob n isang araw lamang. Ating piliin ang isang proyekto na lokal na resorses lamang ang ating gagamitin, at magsasali ito ng higit na marami hanggang maaari.

Mayroon bang binigyan ang Diyos ng isang inspirasyon habang tayo ay nananalangin? Pakibahagi ang mga ideyang ibinigay ng Diyos sa inyo na magiging isang mabuting 'Act of Love.'

(Ilista ang mga ideya na kanilang ibinahagi. Talakayin kung ano ang unang magiging 'Act of Love.')

Aming napagpasyahang gawin ang _____. Pagkatapos ng pananambahan, ang ating mga lider ay sisiguraduhing mayroon tayong mga detalye naayos na para sa ating plano. (gamitin ang appendix 2: Paano magplano para sa isang 'Act of Love').

Tayo ay magpasalamat sa Diyos na Kanya tayong tinatawag bilang isang iglesia na magpamalas ng Kanyang pag-ibig sa ibang mga tao.

Aming Ama, Inyo kaming tinulungan upang aming makita na Kayo ay umaruga sa bawat isa, at Kayo ay may malasakit sa lahat ng erya ng aming mga buhay, at nais Mong ipanumbalik ang lahat nang mga relasyon. Nais naming sundin Ka, na kami ay maging ilaw para sa aming

komunidad, na nagpapamalas sa Iyong kabutihan at sa Inyong mabuting intension para sa amin. Kami ay umaasa na Inyong gagamitin ang aming maliit na ‘Act of Love’ at Inyong Pararamihin ito sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan upang mabago ang aming mga komunidad.

APPENDIKS 1: Mga Kwento ng 'Acts of Love'

KWENTO # 1: Isang grupo sa 12 mga nayon sa Malawi ay walang ibang paraan sa pagdadala ng mga may sakit o naaksidente patungong ospital. Ang mga iglesia na nag-aaral ng TCT ay nakakita ng pagkakataon upang maipakita ang pag-ibig sa kanilang mga komunidad. Sila ay nagsagawa ng isang gawaing nangunguleta ng mga papel at ibinibenta upang makalikom ng pera ng sa gayon ay makabili sila ng 2 bisikleta na ang isa ay magsisilbing kanilang ambyulansya, na magdadala sa mga tao papuntang ospital, o masasakyan ng patay papunta sa lugar na paglilibingan. Ipinagkaloob ng mga iglesia ang bisikletang ambyulansya sa Pangkalusugang komite sa harap ng mga lider ng 12 mga nayon. Ang proyektong ito ay labis na nagpatibay o nagpalakas pa sa relasyon ng iglesia sa mga lider ng komunidad at sa ospital. Dahil sa nakitang pagpapahalaga sa ibinigay na bisikletang ambyulansya, isang kaibigan ng pastor ang nagbigay ng dalawang bisikleta na magagamit din sa parehong pakay o layunin. Habang ginamit ng iglesia ang kanilang sariling mga resorses, pinarami ng Diyos ang bisikleta—gaya ng ating natutunan mula sa ating mensahe tungkol sa Matematika ng Kaharian ng Diyos!

KWENTO # 2: Isang dekada na ang nakakalipas, ang nayon ng Marare ay natulungan na magkaroon ng iniingatang balon. Sa pagdaan ng panahon, ang balon ay dumumi dahil sa 'silt' o banlik, basura, at mga 'debris' o nahulog na mga kalat o bahagi ng balon. Dahil dito, ang komunidad ay madaling nakakapitan ng sakit na mula sa tubig. Dalawang mga kabataan lider na mula sa isang lokal na iglesia, na matapos silang mag-aral ng TCT ay nagpasyang ipakita ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng paglilinis ng balon isang sabado. Nang dumating ang mga kababaihan upang umigib ng tubig, kanilang nakita ang dalawang kabataang naglilinis ng balon at sila'y tumulong sa paglilinis nito. Nang makita ng komite ng 'Water Source User' na ang komunidad ay nagiging responsible sa pangangalaga ng balon, ang komiteng ito ay nahimok na maging akbito muli sa pagtulong sa pangangalaga sa balon. Noon, naniniwala ang halos lahat ng tao na responsibilidad ng mga lider ang pagsasa-ayos ng anumang problema tungkol sa balon. Ngunit pagkatapos isagawa ang 'Act of Love' na ito, ang buong komunidad ay nabigyan kapangyarihan na mayroon silang magagawang maganda para sa kanilang sariling komunidad. Isang ina nga ang narinig na nagsabi sa kanyang anak, 'Maaari tayong maging responsible sa ating sariling kalusugan.' Ginamit ng Diyos ang pagiging masunurin ng dalawang kabataang lalaki upang mabago ang pananaw ng mga tao at mapaganda pa ang kalalagayan ng kanilang kalusugan sa buong komunidad!

KWENTO # 3: Sa isang komunidad, mayroong isang napakaliit na iglesia na binubuo lamang ng 10 pamilya. Katatapos lamang nilang mag-aral ng unang modyul ng TCT at nagnanais na silang ipakita ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang komunidad. May isang pamilya na kanilang nakita na mayroong maraming pangangailangan. Ang asawang babe ay nasa pangprobinsyang ospital na naghihintay maoperahan. Ang kanyang mister ang nagbabantay sa kanya, kaya hindi siya maka-uwi upang anihin ang kanyang mga pananim na palay. Ang

kanyang mga kamag-anak ay maaaring walang pakialam sa kanila ay sadya lamang na marami silang ginagawa na hindi na nila makayang tulungan pa sa pag-ani. Dahil dito, ang mag-asawa ay balisang-balisa na dahil sa karamdaman, sa bayarin sa ospital, at sa posibleng pagkakasayang ng mga pananim, na kanilang pangunahing napagkukunan ng kanilang kinikita sa darating na taon. Dahil kanilang nakita ang pangangailangan ng pamilyang ito, 30 mga tao mula sa iglesia ang gumapas ng palay upang anihin sa 4000 metro kwadrado na sakahan, kanilang giniik ang mga ito at dinala ang mga bigas sa bahay ng mag-asawa. Nang naka-uwi na ang mag-asawa mula sa ospital, labis silang namangha! Ang mag-asawang ito, kasama ng 9 pang ibang mga pamilya ay kumilala sa Panginoong Jesus dahil kanilang nakita ang pag-ibig ng Diyos na naipadama sa kanila sa pamamagitan ng mga miyembro ng iglesia.

KWENTO # 4: Ang masamang panahon ay laging nagdadala ng problema sa isang nayon. Ang pagbaha ay sumira sa mga kalsada sa panahon ng tag-ulan, at nagiging miserable naman ang buhay ng mga tao dahil sa matinding init sa panahon ng tag-init. Sa nayong ito na mayroon lamang 15 pamilyang Kristiano sa kabuuhang 80 pamilyang mga Buddhist. Ngunit matapos matutunan ang tungkol sa pagpapamalas ng pag-ibig ng Diyos para sa komunidad, ang iglesia ay nanalangin at nagpasyang magtanim ng mga punong kahoy. Paunti-unti ay nagsimula silang nagtanim sa mga pangunahing gilid ng kalsada. At sa loob ng isang taon, 300 mga punong kahoy ang kanilang naitanim! Ang mga punong ito ang nag-ingat sa kalsada na gumuho at nakapagbigay din ito ng lilim para sa mga taong naglalakbay. Matapos ang isang taon, ang mga pamilyang buddhist ay nagsimulang sumali sa mga kristiano sa pagtataning ng mga puno. Mula noon ay nakapagtanim na sila ng 1000 punong kahoy! Ang komunidad ay nagbago at sila'y nagkaisa at naging handa na magtrabahong sama-sama. Nakita o napansin ng bawat isa na hindi nila kailangang patuloy na magdusa mula sa sama ng panahon. Sa ngayon, ang mga tao ay nagkaroon ng lumalagong puso para sa isa't-isa upang makatulong, at patuloy na naghahanap ng iba pang mga paraan upang mapatatag pa ang kanilang komunidad.

KWENTO # 5: Matapos makapag-aral ng unang modyul ng pagsasanay ng TCT, isang iglesia sa Idioche, Benin, ang nagmobilisa ng tulong upang maayos ang bahay ng isang balo na nasira bunga ng malakas at patuloy na pag-ulan. Ang balong ito ay patuloy na naninirahan sa sirang bahay na ito ng dalwang buwan na mula ng masira ito. Ang iglesia ay nagtrabaho upang magawa muli ang bahay na ito na gawa sa putik. Ang balo, na hindi naman mananampalataya ay labis na nagpapasalamat sa Diyos na masaya niyang ibinabalita sa bawat kanyang nakakaharap ang tungkol sa ginawa ng iglesia para sa kanya. Ang mga mamamayan sa nayon ay namangha na makita na magagawa ito ng isang iglesia para sa isang tao na hindi nila kasapi o di mananampalataya. 'Hindi namin alam noon na ganito pala kayo!' kanilang sinabi sa mga kristiano. Bago pa magawa ang 'Act of Love' na ito, mayroong alitan sa pagitan ng mga kristiano at di-kristiano taon-taon, dahil ayaw ng mga kristiano maki-isa o makisali sa tradisyunal na mga gawain at mga seremonya. Ngunit matapos magawa ang 'Act of Love,' nagpunta ang pari ng nayon sa pastor upang sabihing malaya silang sumamba sa Diyos sa kanilang nayon.

APPENDIKS 2: Paano magplano ng isang 'Act of Love'

Unang Hakbang: Panalangin (kasama ang buong kongregasyon)
Ang pinaka-unang bagay ay ang manalangin. Maglaan ngayon ng panahon upang makapanalangin. Humiling sa Diyos na Kanyang ipakita sa iyo ang Kanyang nais na iyong gawin na 'Act of Love.' Maglaan ng ilang mga minutong katahimikan upang makinig sa Diyos at sa Kanyang maaaring sabihin.

Ikalawang Hakbang: Pumili ng aktibidad na gagawin (kasama ang buong kongregasyon)
Bilang isang grupo, magpasya kung ano ang iyong gagawin bilang 'Act of Love.' Ang Diyos ba ay nagbigay ng inspirasyon? Kung ang sinuman ay mayroong mga ideya na magiging magandang 'Act of Love,' hilingin silang magbahagi. Ganun din ay tingnan ang mga ideya na inyong naiilista sa aralin 5B: Nais ng Diyos na makatulong ang Iglesia at sa aralin 6: Mga Pangangailangang Dapat tayong makatulong. Kung ikaw ay naglilingkod sa isang maliliit na mga grupo, hilingin ang bawat grupo na magbahagi ng mga ideya at kumuha ng mga puna mula sa iba. Suriin ang iyong mga ideya.

- Makakatulong ba ito sa sinuman, at makakapagpakita ba ito ng pag-ibig?
- Ito ba ay maliit at simple?
- Maaari ba itong magawa gamit lamang ang lokal na mga resorses na naririyan na?
- Ito ba ay magsasali ng higit na marami hanggang maaari?

Sama-samang magka-isa kung ano sa inyong palagay ang nais ng Diyos na inyong gawin. (Maaari kayong gumamit ng mga bato o buto upang makapili kung ano ang nais gawin, gaya ng naisalarawan sa mensahe.) Kapag nakapili na, siguruhin na ito'y maliit na proyekto lamang na magagawa sa loob ng isang araw.

Ikatlong Hakbang: Maghanda ng plano (ang liderato ang gagawa ng hakbang na ito)
Talakayin ang sumusunod na mga tanong. Kung maaari ay ilista ng isang tao ang mga sagot upang di ito makalimutan.

- Sino ang ating tutulungan?
- Ano ang ating gagawin?
- Anong mga resorses ang ating kakailanganin? Saan kukunin ang mga ito? Sino ang kukuha nito?
- Sino-sino ang makikilahok sa pagtulong? Sino ang mag-iimbita sa bawat isa?
- Kailan gagawin ang proyektong ito?

Ibahagi ang buong plano sa iyong kongregasyon at himukin silang makalahok.

Ika-apat na Hakbang: Manalangin (parehong lideratura at kongregasyon)
Kapag natapos ng isulat ang buong plano, maglaan muli ng panahon para muling manalangin. Humiling sa Diyos na Kanyang tulong na matapos ang proyektong ito at Kanyang paramihin ang bunga nito. Manalangin na tanging ang Kanyang Pangalan ang

mapapupurihan o maluluwalhati. At sa sunod na mga linggo, habang ikaw at ang iyong kongregasyon ay naghahanda para sa proyektong ito, ang lahat ay dapat na nananalangin na tutulong sa inyo ang Diyos sa proyektong ito.

Panuto para sa Pasiliteytor: *Ipaliwanag sa iyong iglesia na mayroon pang 2 mga hakbang na hindi nating gagawin ngayon. Pagkatapos ay basahin ang pagsasalarawan ng 2 natitirang mga hakbang.*

Ikalimang Hakbang: Gawin ang proyekto (kasama ng maraming tao hanggang maaari)
Ang sunod na hakbang ay ang pagsasagawa ng proyekto na iyong plinano. Simulan ang araw sa pananalangin at ihandog ang iyong mga pagsisikap at gagawin sa Diyos. Tandaan na iyong gagawin ang proyektong ito upang maipamalas ang pag-ibig ng Diyos para sa iyong komunidad. Sikaping mapanatili ang pag-uugali na sumasabay o tumutugma sa iyong layunin.

Ika-anim na Hakbang: Pagsusuri at pag-uulat (gawin sa harap ng buong kongregasyon)
Pagkatapos gawin ang 'Act of Love,' ang huling hakbang ay ang pagbibigay ulat at pagsusuri sa nangyari. Kailangan natin ang pagsusuri dahil ito ay makakatulong sa ating na higit na matuto. Maaari nating isipin ang mga bagay na mahusay nating nagawa at saan dapat may pagpapaganda o pagpapabuting gawin sa susunod na pagkakataon. Hindi naman kailangang maging mahabang proseso ito; maaari lamang gumugol ito ng ilang minuto upang talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Ano o alin ang naging maganda? Ano o alin ang hindi naging maganda? Anong pagpapaganda o pagsasa-ayos ang iyong magagawa sa iyong plano?
- Ang kanilang naging tugon ay ang iyong inaasahan o nilalayon? Kung hindi, bakit?
- Naluwalhati ba ang Diyos?

Sa pagtatapos o sa dulo, pasalamatan at purihin ang Diyos sa Kanyang pagsama at sa Kanyang pagtulong sa iyo!